

IKA-17 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

San Alfonso Maria ng Ligouri

Salmo 69:15-16, 30-31, 33-34

*Poon, ako'y iyang dinggin
sa panahong 'yong ibigin.*



Sabado
01 AGOSTO

Unang Pagbasa: Jeremias 26:11-16, 24

Ebanghelyo: Mateo 14:1-12

Nang panahong iyon, umabot kay Haring Herodes ang katanyagan ni Jesus. At sinabi niya sa kanyang mga kasambahay: “Si Juan Bautista siya. Nabuhay si Juan mula sa mga patay kaya nagkakabisa sa kanya ang makalangit na kapangyarihan.”

Si Herodes nga ang nagpahuli kay Juan, at nag-utos na ikadena ito at ikulong dahil kay Herodias na asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Sapagkat sinabi ni Juan kay Herodes: “Hindi mo siya puwedeng maging asawa.” Talaga ngang gusto ni Herodes na patayin siya, pero takot siya sa mga tao na kumikilala kay Juan bilang isang propeta.

Kaarawan ni Herodes at nagsayaw ang anak na babae ni Herodias, at nasiyahan si Herodes sa kanya. Kaya sinumpaang niya ang isang pangako na ibibigay sa kanya ang anumang hingin niya. At sinabi ng babae ayon sa turo ng kanyang ina: “Ibigay mo rito sa akin ang ulo ni Juan Bautista sa isang bandeha.”

Nasaktan ang hari ngunit napanumpaang na niya ang pangako sa harap ng mga bisita kaya iniutos niya na ibigay iyon sa kanya. At pinapugutan niya ng ulo si Juan sa kulungan; inilagay sa isang plato ang kanyang ulo at ibinigay sa babae, at dinala ito ng babae sa kanyang ina.

At pagkatapos ay dumating naman ang mga alagad ni Juan at kinuha ang kanyang katawan at inililing. At pagkatapos ay ibinalita ito kay Jesus.

Pagmamaisid

Batas ng Diyos at ng lipunan ang nagsasabing bawal ang pag-aasawa ng taong may asawa na. Ngunit sa harap ng kapangyarihan at impluwensya, sino ang may lakas ng loob na magsabi ng totoo?

Paghahawi

Sinabi ni Juan Bautista kay Haring Herodes tungkol kay Herodias: “Hindi mo siya puwedeng maging asawa.” Si Herodias asawa ng kapatid ni Herodes. Ikinulong at pinugutan si Juan.

Pagtatabas

Tulad ni Juan, malakas ba ang loob ko na punain ang maling gawa ng isang makapangyarihang tao?


Pagsasaayos

Sa makabagong panahon, kailangan pa rin natin ang mga propetang tulad ni Juan Bautista, mga taong handang magsalita ng katotohanan kahit may kapalit na sakripisyo. Hindi madali ang kanyang ginawa. Maaaring hindi niya alam ang magiging wakas, ngunit handa siyang ialay ang buhay alang-alang sa katuwiran.

Manalangin tayo na magkaroon ng lakas ng loob upang manindigan sa tama, lalo na sa harap ng kasinungalingan at katiwalian. Hilingin natin sa Diyos ang biyayang maging tinig ng katotohanan sa ating pamilya, komunidad, at lipunan.

Pagdiriwang

Ama, gabayan at samahan Niyo kami, bilang binyagang Katoliko, na magampanan ang misyon naming maging propeta, sa pagbabahagi ng Kalooban Niyo sa aming kapwang natutuksong lumabag sa utos Niyo.



Unang Pagbasa: Isaias 55:1-3

Halikayo, lahat kayong nauuhaw, magsilapit sa tubig; at lahat kayong mga walang pera, halikayo, bumili ng trigo at kumain. Oo, halikayo, bumili ng alak at gatas, nang walang pera at walang presyo.

Bakit gagastahin ang inyong pera sa hindi nakabubusog at bakit nagpapapakapagod sa hindi nakasisiya? Makinig sa akin, at kayo'y kakaing mabuti; masasarapan kayo sa mata-
tabang pag-kain.

Makinig kayo at lumapit sa akin; makinig sa akin upang mabuhay ang inyong kaluluwa. Makikipagtipan ako sa inyo – isang walang hanggang tipan; tutuparin ko sa inyo ang aking mga pangako kay David.

Ikalawang Pagbasa: Roma 8:35, 37-39

At sino ang magwawalay sa atin sa pagmamahal ni Kristo? Ang kasawiampalad ba, ang hirap, ang pag-uusig, ang gutom, ang kahubaran, ang panganib, ang tabak?

Ngunit sa lahat ng ito, daig pa natin ang nanalo dahil sa nagmamahal sa atin. Natitiyak kong kahit ang kamatayan at buhay, kahit ang mga anghel at pamumuno ng kasalukuyang panahon o ng darating; kahit ang mga puwersa ng kaitaasan o ng kailaliman; natitiyak ko na sa mga nilikha'y walang makapagwawalay sa atin sa pagmamahal ng Diyos na na kay Kristo Jesus na ating Panginoon.


Ebanghelyo: Mateo 14:13-21

Nang marinig ito ni Jesus, lumayo siya at namangka na sila-sila lang patungo sa ilang na lugar. Ngunit nalaman ito ng mga tao at sumunod sila sa kanya na naglalakad mula sa kanilang mga bayan. Pagdating ni Jesus sa pampang, nakita niya ang maraming taong nagkakatiapon doon at naawa siya sa kanila. At pinagaling niya ang mga maysakit.

Nang hapon na, lumapit sa kanya ang mga alagad at sinabi: "Nasa ilang na lugar tayo at lampas na ang oras. Paalisin mo na ang maraming taong ito para makapunta sila sa mga nayon at makabili ng kani-kanilang pagkain."

Ngunit sumagot si Jesus: "Hindi na nila kailangang umalis pa; kayo ang magbigay sa kanila ng makakain." Sinabi nila: "Wala kami rito kundi limang tinapay at dalawang isda." Sinabi niya: "Akin na."

At iniutos niyang maupo sa damuhan ang makapal na tao. Kinuha niya ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, nagpuri, hinati ang mga tinapay at ibinigay sa kanyang mga alagad; at ibinigay rin nila sa mga tao. At kumain silang lahat at nabusog, at inipon nila ang mga natirang pira-piraso – labindalawang punong basket. Mga limanlibong lalaki ang napakain bukod pa sa mga babae at mga bata.



"Wala kami rito kundi limang tinapay at dalawang isda."

BIRTHDAY: Rev. Christopher L. Morales (Deacon)
DATE OF ESTABLISHMENT: 1993, Divine Savior Parish

Pagmamaside

Anong ginagawa mo kapag may biglaan kayong panauhin sa oras ng kainan ngunit hindi sapat ang pagkaing inihanda mo?

Paghahawi

Naawa si Jesus sa maraming tao sa ilang na lugar na sumunod at hinihintay Siya. Pinagaling Niya ang mga maysakit. Nung kailangan nang kumain ang mga tao, kinuha Niya ang limang tinapay at dalawang isda na nakuha ng mga alagad. Tumingala si Jesus sa Langit, nagpuri, hinati ang mga tinapay, at ibinigay sa higit na limang libong tao.

Pagtatabas

Kung isa ka sa mga nabusog sa pira-pirasong tinapay at isdang galing kay Jesus, ano ang mararamdaman mo?

Pagsasaayos

Sa pagiging tagasunod ni Jesus,aalagaan Niya tayo sa ating pangangailangan, pisikal at espirituwal. Pinagaling Niya ang maysakit, bukod sa pagpapakain sa kanilang lahat, dahil sa Kanyang awa at pagmamahal sa kanila. Malaking himala ang kayang gawin ng ating makapangyarihang Jesus -- ang limang tinapay at dalawang isda, kayang busugin ang higit na limang libong tao, sa tulong ng Ama sa Langit.

Pagdiriwang

Ama, walang imposible sa Inyo at ng Inyong Anak, ang Panginoong Jesus, dahil sa Inyong malasakit at pag-ibig sa aming lahat.

Lunes
AGOSTO

03



**IKA-18 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHOON**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 119:29, 43, 79, 80, 95, 102
*Poon, ituro mo sa'kin
aming utos mo upang sundin.*

Unang Pagbasa: Jeremias 28:1-17*

Sa simula ng paghahari ni Sedekias na hari ng Juda, sa ikalimang buwan ng ikapat na taon, kinausap ako ng propetang si Ananias na anak ni Asur na taga-Gibeon. Sinabi niya sa akin sa Bahay ni Yawe sa harap ng mga pari at ng mga tao: "Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo at Diyos ng Israel: Wawasakin ko ang pamatok ng hari ng Babilonia. Sa loob ng dalawang taon ibabalik ko sa lugar na ito ang lahat ng bagay na inalis ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia mula sa Bahay ni Yawe at dinala sa Babilonia. Ibabalik ko rin si Yekonias na anak ni Yoakim, na hari ng Juda at ang lahat ng iba pang bihag mula sa Juda na ipinatapon sa Babilonia. Talaga ngang wawasakin ko ang pamatok ng hari ng Babilonia – salita ni Yawe." (...)

Ebanghelyo: Mateo 14:22-36

Agad pinasakay ni Jesus sa bangka ang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo habang pinaalis niya ang mga tao. At pagkaalis ng mga tao, mag-isa siyang pumunta sa kaburulan para manalangin. Nag-iisa siya roon nang gumabi. Samantala, malayo na sa lupa ang bangka, sinasalpok ng mga alon sapagkat pasalungat ang hangin.

Nang madaling-araw na, pinuntahan sila ni Jesus na naglalakad sa dagat. Nang makita nila siyang naglalakad sa dagat, natakot sila, at akala nila'y multo siya. Kaya sumigaw sila. Ngunit agad niyang sinabi sa kanila: "Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot." Sumagot si Pedro: "Panginoon, kung ikaw nga, papuntahin mo ako sa iyo na naglalakad sa tubig."

At sinabi niya: "Halika." Bumaba naman sa bangka si Pedro at naglakad sa tubig papunta kay Jesus. Ngunit natakot siya sa harap ng malakas na hangin at nagsimulang lumubog. Kaya sumigaw siya: "Panginoon, iligtas mo ako!" Agad na iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinawakan siya, at sinabi: "Taong maliit ang pananampalataya, bakit ka nag-alinlangan?"

Nang nakasakay na sila sa bangka, tumigil ang hangin. At yumuko sa harap ni Jesus ang mga nasa bangka at sinabi: "Totoo ngang ikaw ang Anak ng Diyos!"

Pagkatawid nila, dumating sila sa pam-pang ng Genesaret. Nakilala si Jesus ng mga tagaroon at ipinamalita nila sa buong kapaligiran. Kaya dinala nila sa kanya ang mga maysakit. May nakiusap sa kanya na mahipo man lamang sana nila ang laylayan ng kanyang damit, at gumaling ang lahat ng humipog rito.

Pagmamasad

Saan ka natatakot?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad na nasa bangka sa dagat: "Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot." Akala ng mga alagad bago nagpakilala si Jesus, multo Siya.

Pagtatabas

Anong mararamdaman ko kung pagsabihan ako ni Jesus na huwag matakot?

Pagsasaayos

Sa presensiya ni Jesus, hindi tayo matatakot, dahil mahal Niya tayo, at ililigtas tayo sa kapahamakan. Makapangyarihan Siya na napatahimik Niya ang dagat, at nakalakad Siya dito. Sa Isaia 41:10, sabi ng Diyos, huwag matakot, dahil kasama mo Ako.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, lagi Niyo kaming samahan, upang walang takot naming maharap ang mga hamon sa buhay.

IKA-18 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Juan Maria Vianney

Salmo 102:16-18, 19-21, 29 at 22-23

*Pangino'y mahahayag
kapag Sion ay natatag.*



Martes
04 AGOSTO

Unang Pagbasa:

Jeremias 30:1-2, 12-15, 18-22

Ito ang isa pang salita ni Yawe na dumating kay Jeremias: Sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel: "Isulat mo sa isang aklat ang lahat ng sinabi ko sa iyo. Sinasabi ni Yawe: "Hindi na gagaling ang sugat mo, malubha ang pinsala mo. Wala nang magmamalasakit sa iyo. ni gamot na magpapagaling sa iyo. Nilimot ka na ng lahat mong mangingibig; wala na silang pakialam sa iyo. Hinampas nga kita gaya ng isang kaaway, at buong-lupit na pinarusahan dahil sa bigat ng iyong kasalanan at kasamaan ng iyong pagkakasala. Bakit ka sumisigaw ngayong nasasaktan ka? Wala bang lunas para sa iyong sakit? Dahil sa iyong mabigat na krimen at pagkakasala kaya ko ito ginagawa sa iyo.

Sinasabi ni Yawe: "Ibabalik ko ang mga bihag sa mga tolda ni Jacob at kaaawaan ang kanyang mga tirahan. Muling itatayo ang lunsod sa ibabaw ng mga guho at ang palasyo sa dating kinatatayuan nito. Manggagaling mula sa kanila ang mga awit ng pasasalamat at ang ingay ng pagsasaya. Pararamihin ko sila at hindi sila mangangaunti. Matutulad sa dati ang kanilang mga anak at itatayo sa harap ko ang kanilang pamayanan. Parurusahan ko naman ang mga umaapi sa kanila. Isa sa kanila

ang mamumuno sa kanila at magmumula sa kanila ang kanilang pinuno. Ilalapit ko siya sa akin sapagkat sino nga ba ang magkakalakas-ng-loob na lapitan ako? (Kayo ang magiging bayan ko at ako ang inyong magiging Diyos.)"

Ebanghelyo: Mateo 15:1-2, 10-14 (o Mateo 14: 22-36)

Nagkatipon sa paligid ni Jesus ang ilang Pariseo at mga guro ng Batas na galing pa sa Jerusalem. At sinabi nila sa kanya: "Bakit nilalabag ng iyong mga alagad ang tradisyon ng mga ninuno? Hindi nga sila naghuhugas ng kamay bago kumain."ag ni Jesus ang mga tao at sinabi sa kanila: "Pakinggan at unawain. Hindi ang pumapasok sa bibig ang nakapagpaparumi sa tao kundi ang lumalabas sa bibig ang nakapagpaparumi sa tao."

Pagkatapos ay lumapit kay Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi: "Alam mo bang naiskandalo ang mga Pariseo sa sinabi mo?" Sumagot si Jesus: "Ang bawat tanim lamang na hindi itinanim ng aking Amang nasa Langit ang mabubunot. Huwag ninyo silang pansinin! Mga bulag na gabay sila. Kapag isang bulag ang umakay sa kapwa-bulag, silang dalawa ang mahuhulog sa hukay."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1987, San Lorenzo Ruiz Parish

Pagmamasiid

Pinag-iisipan ba natin ang mga salitang lumalabas sa ating bibig?

Paghahawi

Pakinggan at unawain, paliwanag ni Jesus: "Hindi ang pumapasok sa bibig ang nagpaparumi sa tao, kundi ang lumalabas sa bibig, ang nagpaparumi sa tao... Kapag isang bulag ang umakay sa kapwa-bulag, silang dalawa ang mahuhulog sa hukay."

Pagtatabas

Bilang Kristiyano, nadadala ba natin ang ating kapwa sa tamang daan pabalik sa Ama?

Pagsasaayos

Ating isaalang-alang ang salitang lumalabas sa ating bibig. Maging mahinahon sa pakikipag-usap, lalo na sa mga taong madaling masaktan. Patuloy natin pag-aralan sa Bibliya at kilalanin sa ating karanasan ang Diyos at Kanyang di-makasarili at mapagmahal na Kalooban.

Pagdiriwang

Mapagpalang Ama, subaybayan Niyo kami sa araw-araw naming gawain. Tulungan Niyo kaming maiparating sa aming kapwa ang mga turo galing sa Inyo.



**IKA-18 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

*Pagtatalaga ng Palasyong Simbahan
ng Mahal na Birheng Maria sa Roma*

Jeremias 31:10, 11-12ab, 13

*Pumapatnubay na Diyos
ay pastol na kumukupkop.*

Unang Pagbasa: Jeremias 31:1-7

"Sinasabi ni Yawe: Sa panahong iyon, ako ang magiging Diyos ng lahat ng angkan ng Israel at sila ang magiging bayan ko." Ito ang sinasabi ni Yawe: "Ang bayang nakaligtas sa tabak ay nakatagpo ng biyaya sa disyerto; palapit na ang Israel sa kanyang kapahingahan.

Napakita si Yawe mula sa malayo, at sinasabi: Inibig kita ng walang hanggang pag-ibig; kaya patuloy ang aking kagandahang-loob sa iyo. Muli kitang itatayo at matatayo kang muli, O Birheng Israel!

Muli mong kukunin ang iyong mga tambo, at sasayaw kasama ng mga nagagalak.

Muli kang magtatanim sa mga ubasan sa mga bundok ng Samaria; magtatanim ang mga magsasaka, at pakikinabangan ang bunga. Darating nga ang araw na sisigaw ang mga bantay sa kabundukan ng Efraim: 'Tayo na't umakyat sa Sion, kay Yaweng ating Diyos.'

Sinasabi ni Yawe: "Umawit dahil sa Jacob, at ipagbunyi ang pinakadakila sa mga bansa; Ihayag ang inyong papuri at sabihin: 'Iniligtas ni Yawe ang kanyang bayan, ang nalabi sa Israel.'

Ebanghelyo: Mateo 15:21-28

Nagkaalis sa lugar na iyon, pumunta si Jesus sa gawing Tiro at Sidon. May isang babaeng Kananea noon na nagpunta sa dakong iyon at sumigaw: "Panginoon, anak ni David, maawa ka sa akin! Pinahihirapan ng isang demonyo ang anak kong babae." Ngunit hindi siya tinugon ni Jesus kaya lumapit ang kanyang mga alagad at hiniling ng mga ito: "Paalisin mo na siya't sigaw siya nang sigaw sa likod natin."

At sinabi sa kanya ni Jesus: "Sa nawa-walang tupa ng bayan ng Israel ako sinugo."

Ngunit lumapit ang babae at lumuhod sa harap ni Jesus at sinabi: "Ginoo, tulungan mo ako!" Sumagot si Jesus: "Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga bata at itapon ito sa mga tuta." Sumagot ang babae: "Totoo nga, Ginoo, pero kinakain naman ng mga tuta ang mga nalalaglag mula sa hapag ng kanilang mga amo." Kaya nagsalita sa kanya si Jesus: "Babae, napakalaki ng iyong pananalig! Maganap sa iyo ayon sa nais mo." At nang oras ding iyon, gumaling ang kanyang anak.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1975, Cathedral Shrine and Parish of the Good Shepherd

Pagmamasiid

Malaki ba ang pananalig mo sa iyong mga pinaniniwalaan?

Paghahawi

Nagsalita si Jesus: "Babae, napakalaki ng iyong pananalig! Maganap sa iyo ayon sa nais mo." Sa oras ding yun, gumaling ang anak ng babae.

Pagtatabas

Kapag humihiling ako sa Panginoong Jesus, masasabi rin ba Niya na malaki ang aking pananalig sa Kanya?

Pagsasaayos

Sa pagpapaliwanag ng babae na mapapagaling ni Jesus ang anak niya, nakita ang malaking pananalig niya sa Kanya. Kung ang mabuting hiling natin sa Panginoong Jesus kalakip ng malaking pananalig sa Kanya, matutupad ang hinihiling natin.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, pagtibayin Niyo ang aming pananalig sa Inyo, upang laging mabuti ang hilingin namin sa Inyo, para sa aming mahal sa buhay at ibang kapwa.

KAPISTAHAN NG PAGLILIWANAG SA BAGONG ANYO NG PANGINOON

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 97:1-2, 5-6, 9

*Panginoon'y maghahari,
lakas n'ya mananatili.*



Huwebes
06 AGOSTO

Unang Pagbasa: Daniel 7:9-10, 13-14

Ikalawang Pagbasa: 2 Pedro 1:16-19

Ebanghelyo: Mateo 17:1-9

Pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Jesus sina Pedro, Jaime at ang kapatid nitong si Juan, at umakyat na sila lamang ang kasama sa isang mataas na bundok. Nagbago ang anyo ni Jesus sa harap nila: nagningning gaya ng araw ang kanyang mukha at kuminang na puting-puti ang kanyang damit gaya ng liwanag. At napakita sa kanila sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Jesus.

Kaya nagsalita si Pedro at sinabi niya: "Panginoon, mabuti at narito tayo. Kung gusto mo, gagawa ako ng tatlong kubol: isa para sa iyo, isa para kay Moises, at isa para kay Elias."

Nagsasalita pa si Pedro nang takpan sila ng isang makinang na ulap. At mula sa ulap ay narinig ang salitang ito: "Ito ang aking Anak, ang Minamahal, ang aking Hinirang; pakinggan ninyo siya."

Nang marinig iyon ng mga alagad, napa-subsob sila sa lupa, na takot na takot. Ngunit nilapitan sila ni Jesus at hinipo, at sinabi: "Tumayo kayo, huwag matakot." At pagtingala nila, wala silang nakita liban kay Jesus. At sa pagbaba nila mula sa bundok, inutusan sila ni Jesus na huwag sabihin kaninuman ang pangitain hanggang maibangon ang Anak ng Tao mula sa mga patay."

Pagmamaisid

Sa paglipas ng panahon, nagbago ba ang anyo mo, at pinakikinggan ka na ng kakilala mo?

Paghahawi

Umakyat sa mataas na bundok si Jesus kasama sina Pedro, Jaime, at Juan. Nagniningning gaya ng araw ang mukha ni Jesus, at kumikinang na puting-puti ang Kanyang damit. Mula sa ulap narinig nila "Ito ang aking Anak, ang Minamahal, aking Hinirang. Pakinggan ninyo Siya."

Pagtatabas

Anong pagbabago ko ang maging kalugod-lugod sa Ama, nagbibigay liwanag, at pakikinggan ng kakilala?

Pagsasaayos

Kasama ni Jesus ang dalawang pinagpipitagang propeta ng ating pananampalataya. Ipinakilala ng boses ng Ama si Jesus bilang hinirang at minamahal na Anak at sinabing makinig sa Kanya. Ang pagningning ng mukha Niya itinulad sa araw, at ang puting-puti damit Niya nagbigay liwanag.

Ipinakita ng Ama ang pagbabagong anyo ni Jesus sa muling pagkabuhay Niya. Gayundin ang mangyayari kung tapat tayong tagasunod Niya. Inaasahan na maalala ito ng mga alagad, pagkatapos ng kamatayan Niya sa Krus.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa malaking pag-asang hatid ng magandang pagbabagong-anyo ng Panginoong Jesus, pagkatapos ng pagsunod Niya sa Kalooban Niyo, nailigtas kami sa kasalanan, at buksan ang langit para sa aming lahat.

Biernes
AGOSTO 07



IKA-18 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti/Pula)

*Papa San Sixto II at mga kasama /
San Cayetano*

Deuteronomio 32:35kd-36ab, 39abkd, 41

*Nasa pasya ng Maykapal
ang buhay at kamatayan.*

Unang Pagbasa:

Nahum 2:1, 3; 3:1-3, 6-7

Tingnan, dumarating sa kabundukan ang mga paang may hatid ng mabuting balita, ang nagpapahayag ng kapayapaan. Juda, ipagdiwang ang iyong mga piyesta at tuparin ang iyong mga panata! Sapagkat di ka na babalikan ng di-makadiyos: ganap na siyang napuksa.

Sapagkat ibinalik ni Yawe ang luwalhati ni Jacob, siyang ipinagmamalaki ng Israel. Winasak na nga sila ng mga tagapagwasak at pinuksa ang kanilang mga sanga.

Kawawang siyudad ng dugo na punung-puno ng kasinungalingan, ng pangungu-limbat, at walang-tigil na paganakaw. Ang hagupit ng latigo, ang ingay ng mga gulong, mga kabayong mabilis na tumatakbo, mga karwaheng sumusugod, mga mangangabayong sumasalakay, mga tabak na kumikislap, mga sibat na kumikinang, napakaraming sugatan, bunton ng mga patay, di mabilang na mga katawan, nati-tisod ang bayan sa mga bangkay.

Hahagisan kita ng mga dumi, hahamakin kita at gagawing isang palabas at lalayuan ka ng lahat ng makakita sa iyo. Sasabihin nila: Guho na ang Ninive, sino ang magluluksa sa kanya? Saan makakakita ng aaliw sa kanya?

Ebanghelyo: Mateo 16:24-28

At sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: "Kung may ibig sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus para sumunod sa akin. Sapagkat ang naghangad na magligtas ng kanyang sarili ang mawawalan nito ngunit ang naghahangad na mawalan ng sarili alang-alang sa akin ang makakatagpo nito. Ano ang pakinabang ng tao tubuin man niya ang buong daigdig kung sarili naman niya ang mawala? Ano ang maibibigay niya para mabawi ito?"

Darating nga ang Anak ng Tao taglay ang kaluwalhatian ng kanyang Ama at kasama rin ang kanyang mga banal na anghel, at doon niya gagantimpalaan ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawa. Totoong sinasabi ko sa inyo na makikita ng ilan sa inyo ang Anak ng Tao na dumarating bilang Hari, bago sila mamatay."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Alberto G. Mecaydor

Pagmamasisid

May kakilala ka ba na nagsabi ng dapat gawin bago sumunod sa kanya?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: "Kung may ibig sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus para sumunod sa akin."

Pagtatabas

Paanong itakwil ang sarili? Ano ang mga krus ko ngayon?

Pagsasaayos

Maraming krus ang maaring nararanasan, tulad ng paghahanap ng magandang hanap-buhay, pagkain araw-araw, pagtustos sa pag-aaral, o pagsubok sa ugnayan sa pamilya, kaibigan, o kakilala.

Ang pagtakwil sa sarili nangangahulugang pagbigay pansin sa kapakanan ng iba o nakakarami, bago ang sarili. Maaring mag sakripisyo, upang matamo ang kaginhawaan ng mga mahal sa buhay. Sa grasya ng Diyos, makakayanan nating itakwil ang sarili at pasanin ang ating krus.

Pagdiriwang

Ama, taos puso kaming humihingi ng gabay at lakas ng loob, upang unahin ang kapakanan ng iba, at mabuhay ang krus namin araw-araw.

IKA-18 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Santo Domingo

Salmo 9:8-9, 10-11, 12-13

*Tanang sa'yo dumudulog
at tunay na nalulugod.*



Sabado
08 AGOSTO

Unang Pagbasa: Habakuk 1:12—2:4*

Ebanghelyo: Mateo 17:14-20

Pagdating nila sa kinaroroonan ng mga tao, lumapit kay Jesus ang isang lalaki, lumuhod sa harap niya at nagsabi: "Ginoo, maawa ka sa aking anak na lalaki na may epilepsi at lubhang nahihirapan. Madalas siyang mahulog sa apoy at kung minsan nama'y sa tubig. Dinala ko na siya sa mga alagad mo pero hindi nila siya napagaling."

Sumagot si Jesus: "Mga walang pananampalataya at ligaw na tao kayo! Gaano pa kagagalatag na panahon ako mananatili sa piling ninyo? Hanggang kailan ako magtitiis sa inyo? Dalhin siya rito sa akin." At inutusan ito ni Jesus, at umalis sa kanya ang masamang espiritu. At gumaling ang bata sa sandaling iyon.

Pagkatapos ay nilapitan si Jesus ng mga alagad, at tinanong nang sarilinan: "Bakit hindi namin napalayas ang espiritu?" Sinabi ni Jesus sa kanila: "Sapagkat maliit ang inyong pananampalataya. Kung may pananampalataya kayong sinlaki ng buto ng mustasa, masasabi sana ninyo sa bundok na ito na gumalaw mula rito at gagalaw ito. At walang magiging imposible para sa inyo.

Pagmamasiid

May mga kilala bilang manggagamot sa pananampalataya na pinupuntahan ng mga maysakit na karaniwan hindi kayang magbayad o di mapagaling ng doktor sa medisina.

Paghahawi

Sa mga alagad ni Jesus, na di napagaling ang lalaking may epilepsi, at di napalayas ang masamang espiritu sa isang tao, paliwanag Niya na maliit ang kanilang pananampalataya. Kung ang pananampalataya nila sinlaki ng buto ng mustasa, mapapagalaw nila ang bundok. Walang magiging imposible sa kanila.

Pagtatabas

Sinlaki ba ang aking pananampalataya sa buto ng mustasa, ayon sa nais ni Jesus?

Pagsasaayos

Ang buto ng mustasa tinuturing pinakamaliit na buto. Kay Jesus, sapat nang ganitong kaliit ang pananampalataya upang mapagalaw ang bundok at magpagaling ang maysakit. Mahirap sukatin ang pananampalataya ng isang tagasunod ni Jesus.

Maaring nakikita ito sa gaanong kalimit dumalo sa Misa, tumanggap ng Eukaristiya, at tumulong sa mga nangangailangan. Subalit, hindi ang dami o laki ng kabutihan ang kalugod-lugod sa Diyos, kundi ang paggawa ng kabutihan, kahit maliit, nang buo at dalisay na puso.

Pagdiriwang

Ama, nawa ang pananampalataya namin, kahit sinlaki ng buto ng mustasa, puno ng biyaya Niyo, upang makatulong kami sa nangangailangan, bilang alay sa Inyo.



Ebanghelyo: Mateo 14:22-33

Agad pinasakay ni Jesus sa bangka ang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo habang pinaaalis niya ang mga tao. At pagkaalis ng mga tao, mag-isa siyang pumunta sa kaburulan para manalangin. Nag-iisa siya roon nang gumabi. Samantala, malayo na sa lupa ang bangka, sinasalpok ng mga alon sapagkat pasalungat ang hangin.

Nang madaling-araw na, pinuntahan sila ni Jesus na naglalakad sa dagat. Nang makita nila siyang naglalakad sa dagat, natakot sila, at akala nila'y multo siya. Kaya sumigaw sila. Ngunit agad niyang sinabi sa kanila: "Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot." Sumagot si Pedro: "Panginoon, kung ikaw nga, papuntahin mo ako sa iyo na naglalakad sa tubig."

At sinabi niya: "Halika." Bumaba naman sa bangka si Pedro at naglakad sa tubig papunta kay Jesus. Ngunit natakot siya sa harap ng malakas na hangin at nagsimulang lumubog. Kaya sumigaw siya: "Panginoon, iligtas mo ako!" Agad na iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinawakan siya, at sinabi: "Taong maliit ang pananampalataya, bakit ka nag-alinlangan?"

Nang nakasakay na sila sa bangka, tumigil ang hangin. At yumuko sa harap ni Jesus ang mga nasa bangka at sinabi: "Totoo ngang ikaw ang Anak ng Diyos!"



"Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot."

Pagmamaisid

Bakit may panahon na nag-aalinlangan tayo sa ating pananampalataya?

Paghahawi

Tanong ni Jesus kay Pedro: "Taong maliit ang pananampalataya, bakit ka nag-aalinlangan?"

Pagtatabas

Tulad ba ako ni Pedro na maliit ang pananampalataya at nag-aalinlangan?

Pagsasaayos

Isang dahilan ng maliit na pananampalataya, ang maliit din na kaalaman hinggil sa Diyos. Madagdagan ang kaalaman natin sa Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo, sa pag-aaral at pagninilay ng Banal na Kasulatan. Dumalo rin tayo sa mga paghuhubog na ibinigay ng ating Simbahan.

Pagdiriwang

Ama, lumago nawa ang aming pananampalataya at kaalaman sa Inyo, upang mabawasan ang pag-aalinlangan at mapairal ang kapayapaan ng isip at damdamin.



KAPISTAHAN NI SAN LORENZO, DIYAKONO AT MARTIR

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 112:1-2, 5-6, 7-8, 9
*Ang taong tunay na mat'wid
ay mahabagi't mabait.*

Unang Pagbasa: 2 Corinto 9:6-10

Pakinggan ninyo: Ang naghahasik ng kaunti ay mag-aani ng kaunti, at ang naghahasik ng marami ay mag-aani ng sagana. Kaya magbigay ang bawat isa ayon sa ipinasya niya, huwag nang nag-aatubili o napipilitan; mahal nga ng Diyos ang malugod na nagbibigay. Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay upang hindi kayo magkulang sa kahit anumang at dumami rin ang inyong mga kawanggawa.

Tulad ng nasusulat: Namudmod siya at nagbigay sa mga dukha, magpasawalang-hanggan ang kanyang kabutihan. Nagbibigay siya ng binhi sa maghahasik at ng tinapay na makakain, siya ang magpaparami ng inyong binhi at magpapalago ng anumang manggaling sa inyong kagandahang-loob.

Ebanghelyo: Juan 12:24-26

Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, namamalaging nag-iisa ang butil ng trigo kung hindi ito namamatay pagkahulog sa lupa. Ngunit kung mamatay ito, nagdudulot ito ng maraming bunga.

Nagpapahamak ng kanyang sarili ang umiibig dito ngunit iingatan naman ito para sa buhay magpakailanman ng napopoot sa kanyang sarili sa mundong ito.

Patuloy akong sundan ng naglilingkod sa akin at kung nasaan ako, naroon din ang aking lingkod. Kung may naglilingkod sa akin, pararangalan siya ng Ama.

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang maging tunay na lingkod? Sa bawat sandali ng paglilingkod, naroon ka ba kung nasaan ang Panginoon?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Patuloy akong sundan ng naglilingkod sa akin, at kung saan ako, naroon din ang aking lingkod. Kung may naglilingkod sa akin, pararangalan siya ng Ama."

Pagtatabas

Sa paanong paraan ako naglilingkod kay Jesus? Masaya ba akong lingkod Niya?

Pagsasaayos

Bilang isang lingkod ni Jesus, handa tayong sundin ang mga utos at turo Niya. Wala tayong gagawin na makakasira ng pangalan Niya. Kaya nating magsakripisyo para sa Kanya. Anuman ang maging bunga nito, ating ipinapasa-Diyos. Alam Niya kung ano ang nasa puso natin. Lagi tayong magtiwala sa Kanya. Walang maliw ang Kanyang kabutihan, pagmamahal at awa sa ating lahat, kahit hindi lingkod Niya. Lubos ang kasayahan ko bilang lingkod ni Jesus.

Lubos ang kagalakan ng isang pusong naglilingkod nang tapat. Tulad ni San Lorenzo, na nag-alay ng buhay sa paglilingkod sa Simbahan at sa mahihirap, nawa'y maging inspirasyon siya sa atin upang maging masaya, matatag, at mapagkumbabang lingkod ni Kristo.

Pagdiriwang

Ama, gabayan at tulungan Niyo kaming maging Mabuti at tapat na lingkod Niyo at ng Panginoong Jesus sa gabay ni San Lorenzo. Amen.

IKA-19 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

Santa Clara

Salmo 119:14, 24, 72, 103, 111, 131

*O kay tamis na namnamin
ang utos mong bigay sa'min.*



Martes
11 AGOSTO

Unang Pagbasa: Ezekiel 2:8—3:4

Ebanghelyo: Mateo 18:1-5, 10, 12-14

Nang panahong iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at tinanong nila siya: “Sino ang mas una sa kaharian ng Langit?”

Tinawag ni Jesus ang isang maliit na bata at ipinagitna sa kanila, at sinabi: “Sinasabi ko sa inyo na hanggang hindi kayo nagbabago at nagiging katulad ng maliit na bata hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Langit. Ang nagpapakababa gaya ng maliit na batang ito, siya ang pinakamalaki sa kaharian ng Langit. At ang sinumang tumanggap sa batang ito dahil sa aking pangalan ay tumatanggap sa akin.

Huwag sana ninyong hamakin ang isa sa maliit na ito; talagang sinasabi ko sa inyo na laging nasa harap ng aking Ama sa Langit ang kanilang mga anghel sa Langit.

Ano sa palagay ninyo? Kung may sandaang tupa ang isang tao at naligaw ang isa sa mga ito, hindi ba niya iiwan sa kaburulan ang siyamnapu't siyam para hanapin ang naliligaw? At sinasabi ko sa inyo: Kapag nakita niya ito, mas matutuwa pa siya rito kaysa siyamnapu't siyam na hindi naligaw. Gayundin naman, ayaw ng inyong Amang nasa Langit na mawala isa man sa maliit na ito.

Pagmamasisid

Natatandaan mo ba ang mga mabubuting ugali mo noong bata ka pa? Ano sa mga ito ang nawala, at ano ang dapat mong ibalik?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad: “...hanggang hindi kayo nagbabago, at maging katulad ng maliit na bata, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Langit.”

Pagtatabas

Anong mga ugali ng isang bata ang dapat kong muling isabuhay? May kababaang-loob ba ako? Marunong ba akong magtiwala, magpatawad, at maging tapat?

Pagsasaayos

Ang mga katangian ng isang maliit na bata -- kababaang-loob, lubos na pagtitiwala, kasimplihan, kasayahan, katapatan, at malinis na puso -- ay dapat nating muling yakapin. Sa ating paglaki, nadadala tayo ng karanasan, takot, galit, at tukso. Minsan, nawawala ang ating pagiging bukas at dalisay.

Ngunit tinatawag tayo ni Jesus na magbalik-loob. Isipin natin ang kabutihang taglay natin noong bata pa, at sikaping ibalik ito sa pamamagitan ng panalangin, kabutihang-loob, at pagbabahagi ng biyaya sa kapwa.

Tulad ni Santa Clara, na namuhay ng payak at may pusong bata sa harap ng Diyos, matuto nawa tayong magtiwala, magpakumbaba, at magmahal nang Dalisay upang makapiling ang Ama sa Kanyang kaharian.

Pagdiriwang

Ama, patawarin Niyo ang aming mga kasalanan. Matulad nawa kami sa batang mabuti at malinis ang puso.



**IKA-19 NA LINGGO SA
KARANIWANG PANAHOON**

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)
Santa Jane Frances de Chantal

Salmo 113:1-2, 3-4, 5-6
*Laganap sa sansinuklob
ang kadakilaan ng D'yos.*

Unang Pagbasa:
Ezekiel 9:1-7; 10:18-22*

Ebanghelyo: Mateo 18:15-20

Kung nagkasala sa iyo ang iyong kapatid, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan; at kung makinig siya sa iyo, tinubo mo na ang iyong kapatid. Kung hindi naman siya makinig sa iyo, magsama ka ng dalawa o tatlo para *lutasin ang kaso sa pagsaksi ng dalawa o tatlo*. Kung tatanggi siyang makinig sa kanila, sabihin ito sa Iglesya; at kung hindi pa rin siya makikinig sa Iglesya, ituring siyang pagano o publikano.

Talagang sinasabi ko sa inyo: ang talian ninyo sa lupa ay matatali rin sa Langit, at ang kalagan ninyo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit. Sinasabi ko rin sa inyo: kung dito sa lupa ay may dalawa sa inyo na nagkakaisang humihingi ng anuman, gagawin ito para sa kanila ng aking Amang nasa Langit. Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon sa Ngalan ko, kapiling nila ako."

Pagmamaisid

Sa panahon ng social media, mabilis kumalat ang sigalot. Isang post lang, alam na ng lahat kung sino ang may tampo, galit, o sama ng loob. Ngunit kailangan ba talagang ipaalam sa buong mundo ang ating alitan?

Paghahawi

Sa ebanghelyo, tinuturuan tayo ni Hesus, "Kung nagkasala sa iyo ang iyong kapatid, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan."

Pagtatabas

Kapag may hinanakit, saan ka unang lumalapit, sa social media ba, o sa kapatid mong may sala?

Pagsasaayos

Hindi kailangang ipaalam sa publiko ang ating mga alitan; mas mahalaga ang tahimik at tapat na pakikipag-ayos. Ipinapaalala ng Ebanghelyo ang halaga ng personal na paglapit at pagpapatawad. Sa mahinahong pag-uusap, naisasabuhay ang tunay na pagkakaibigan at pagkakaisa. Itinuturo rin ng Simbahan ang kahalagahan ng pakikipagkasundo bilang daan tungo sa kapayapaang panloob at panlabas. Pakakamtan natin ito sa Sakramento ng Kumpisal. Sa pamamagitan nito nagkakaroon tayo ng pagbabalik-loob sa Diyos at pagpapanibago ng ugnayan sa kapwa.

Pagdiriwang

Panginoon, salamat sa iyong kadakilaan. Patawad sa katigasan ng aking puso. Hinihiling kong hubugin Mo po ang aking puso upang maging katulad ng Iyo. Mahabagin, mapagpatawad, at puspos ng dakilang pagmamahal. Amen.

IKA-19 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Pula)

San Ponciano at San Hipolito

Salmo 78:56-57, 58-59, 61-62

Hindi nila malilimot
ang dakilang gawa ng D'yos.



Huwebes
13 AGOSTO

Unang Pagbasa: Ezekiel 12:1-12

Ebanghelyo: Mateo 18:21–19:1

Nagtanong naman si Pedro: “Panginoon, gaano kadalas ko naman dapat patawarin ang mga pagkukulang ng aking kapatid? Pitong beses ba?” Sumagot si Jesus: “Hindi, hindi pitong beses kundi pitumpu’t pitong beses.

Tungkol sa kaharian ng Langit ang kasaysayang ito. Isang hari ang nagpasyang pagbayarin ng utang ang kanyang mga utusan. Nang simulan niyang suriin ang kuwenta, iniharap sa kanya ang isang may utang na sampung libong baretang ginto. Dahil walang maibayad sa kanya ang tao, iniutos ng panginoon na ipagbili at maging alipin siya kasama ng kanyang asawa, mga anak at mga ari-arian bilang bayad-utang.

At nagpatirapa sa paanan ng hari ang opisyal at sinabi: ‘Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko.’ Naawa sa kanya ang hari at hindi lamang siya pinalaya kundi kinansela pa ang kanyang utang.

Pagkaalis ng opisyal na ito, nasalubong niya ang isa sa kanyang mga kasamahan na may utang namang sandaang barya sa kanya.

Sinunggaban niya ito sa leeg at halos sakalin habang sumisigaw ng ‘Bayaran mo ang utang mo!’ Nagpatirapa sa paanan niya ang kanyang kasamahan at nagsabi: ‘Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko sa iyo.’ Ngunit tumanggi siya at ipinakulong ito hanggang makabayad ng utang.

Labis na nalungkot ang iba nilang kapwalingkod nang makita ang nangyari. Kaya pinuntahan nila ang kanilang panginoon at ibinalita ang buong pangyayari. Ipinatawag naman niya ang opisyal at sinabi: ‘Masamang utusan, pinatawad ko ang lahat ng iyong utang nang makiusap ka sa akin. Di ba dapat ay naawa ka rin sa iyong kasamahan gaya ng pagkaawa ko sa iyo?’ Galit na galit ang panginoon kaya ibinigay niya ang kanyang utusan sa mga tagapagpahirap hanggang mabayaran nito ang lahat ng utang.”

Idinagdag ni Jesus: “Ganito rin ang gagawin sa inyo ng aking Ama sa Langit kung hindi patatawarin ng bawat isa sa inyo mula sa puso ang kanyang kapatid.”

Nang tapos na si Jesus sa mga aral na ito, umalis siya sa Galilea at pumunta sa probinsya ng Judea sa kabilang ibayo ng Ilog Jordan.

Pagmamasiid

Madalas tayong nagkikimkim ng galit, hinanakit, at sama ng loob, tila bang kay hirap-hirap magpatawad.

Paghahawi

Paalala sa atin ng Panginoon, “Pinatawad ko ang lahat ng iyong utang nang maki-usap ka sa akin. Di ba dapat ay naawa ka rin sa iyong kasamahan gaya ng pagkaawa ko sa iyo?

Pagtatabas

Nahihirapan din ba tayong mag patawad tulad ng taong ito sa ebanghelyo?

Pagsasaayos

Hindi opsyon ang pagpapatawad kundi isang utos mula sa Diyos. Sa tuwing dinarasal natin ang Ama Namin, ipinangako rin natin ito -- sapagkat hinihiling natin sa Diyos: “Patawarin mo kami sa aming mga pagkakasala, gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.”

Tulad ng hari sa talinghaga, pinatawad tayo ng Diyos sa ating mga kasalanan kaya’t inaasahan Niya na magpapatawad din tayo sa iba. Isang biyaya ang pagpapatawad na nagpapalaya sa atin mula sa bigat ng galit at hinanakit. Hindi ito nangangahulugan ng pagpapabaya sa kasalanan, kundi isang hakbang tungo sa kapayapaan at tunay na kaligayahan.

Pagdiriwang

Panginoon, maraming salamat sa walang sawang pagpapatawad sa aking mga kasalanan. Palambutin mo po ang aking matigas na puso

Biernes AGOSTO 14



IKA-19 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Pula)
San Maximiliano Maria Kolbe

Isaías 12:2-3, 4bkd, 5-6
Galit ng D'yos ay naparam,
pinatawad n'ya ang tanan.

Unang Pagbasa: Ezekiel 16:1-15, 60, 63

Ebanghelyo: Mateo 19:3-12

At lumapit sa kanya ang ilang Pariseo na hangad siyang subukan, at tinanong nila siya: "Pinahihintulutan bang diborsiyuhin ng lalaki ang kanyang asawa sa anumang dahilan?"

Sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa na sa simula'y ginawa sila ng Maykapal na lalaki at babae, at sinabi rin nitong iiwanan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at pipisan sa kanyang asawa, at magiging iisang katawan ang dalawa? Kung gayo'y hindi na sila dalawa kundi iisang katawan lamang; kaya huwag paghiwalayin ng tao ang pinagbuklod ng Diyos."

At sinabi nila: "Kung gayon, bakit iniutos ni Moises na bigyan ang babae ng kasulatan ng diborsiyo bago siya paalisin?" Sinabi naman niya sa kanila: "Alam ni Moises na matigas ang inyong puso kaya pinayagan kayong diborsiyuhin ang inyong mga asawa, ngunit hindi ganito sa simula. At sinasabi ko naman sa inyo: kung may magpaalis sa kanyang asawa, maliban kung dahil sa pagtataksil, at saka magpakasal sa iba, nakiapid na siya."

Sinabi naman ng mga alagad: "Kung iyan ang itinatadhana para sa lalaking may-asawa, walang pakinabang sa pag-aasawa." Sinabi ni Jesus sa kanila: "Hindi matatanggap ng lahat ang salitang ito, kundi ng mga pinagkalooban lamang nito. May ilang ipinanganak na hindi makapag-aasawa. May iba namang ipinakapon ng tao. At may iba ring tumalikod sa pag-aasawa alang-alang sa kaharian ng Langit. Tanggapin ito ng puwedeng tumanggap."

PARISH FIESTA: St. Maximilian Mary Kolbe Parish

Pagmamasisid

Nakakalungkot na maraming Kristiyano ang nagsusulong ng divorce. Isa ka ba rito?

Paghahawi

Tinuturo ni Jesus na isang sagradong panghabambuhay na tipanan ang kasal, dahil ang Diyos mismo ang nagtatag nito. At habilin Niya, "huwag paghiwalayin ng tao ang pinagbuklod ng Diyos."

Pagtatabas

Naniniwala ka ba sa kasagraduhan ng kasal?

Pagsasaayos

Sumasalamin ang kasal sa pagmamahal ni Kristo sa Simbahan, kaya't tinatawag ang mag-asawa na magmahalan nang may sakripisyo at katapatan. Hindi lamang damdamin ang pagmamahal kundi isang desisyon, isang pangako na patuloy nating aalagaan at palalimin. Kung may kakulangan, laging may pagkakataong pagbutihin, magsisi, at muling manindigan sa tunay na kahulugan ng pagiging tapat sa isang relasyon. Nawa maisasabuhay ito sa ating mga relasyon ngayon.

Pagdiriwang

Magbigay ng kapatawaran at awa, tulad ng ginagawa ng Diyos, upang mapagaling ang mga nasirang relasyon sa halip na agad na piliin ang paghihiwalay.

**DAKILANG KAPISTAHAN NG
PAG-AAKYAT SA LANGIT NG
MAHAL NA BIRHENG MARIA**
Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 45:10, 11, 12, 16

*Nasa kanan mo ang reyna,
maningning sa ginto't ganda.*



Sabado
15 AGOSTO

Unang Pagbasa:
Pagbubunyag 11:19a; 12:1-6a, 10ab

Ikalawang Pagbasa:
1 Corinto 15:20-27

Ebanghelyo: Lucas 1:39-56

Nang mga araw ring iyo'y nagmamadaling naglakbay si Maria papunta sa isang bayan sa mataas na lupain ng Juda. Pumasok siya roon sa bahay ni Zacarias at binati si Elizabeth. Nang marinig ni Elizabeth ang bati ni Maria, sumikad ang sanggol sa sinapupunan niya, at napuspos ng Espiritu Santo si Elizabeth at malakas siyang sumigaw at sinabi: "Lubos kang pinagpala sa mga kababaihan. Pinagpala rin ang bunga ng iyong sinapupunan! Sino nga ba naman ako't naparito sa akin ang ina ng aking Panginoon? Nang umabot sa aking pandinig ang iyong pagbati, sumikad sa tuwa ang sanggol sa aking sinapupunan. Pinagpapala ang naniniwalang magaganap ang mga sinabi sa kanya ng Panginoon."

At sinabi ni Maria: "Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas dahil isinaalang-alang niya ang abang utusan niya, at mula ngayon, ituturing akong mapalad ng lahat ng salinlahi.

Dakila nga ang ginawa sa akin ng Maka-pangyarihan, banal ang kanyang Pangalan.

Patuloy ang kanyang awa sa mga sali't salinlahi para sa mga may pitagan sa kanya.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang bisig, ipinagtabuyan ang mga taong may mapagmataas na balak.

Pinatalsik niya sa luklukan ang mga makapangyarihan, itinampok naman ang mga balewala.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom at itinaboy namang walangwala ang mayayaman.

Nilingap niya ang Israel na kanyang lingkod, inalaala ang kanyang awa ayon sa ipinangako niya sa ating mga ninuno, kay Abraham at sa kanyang angkan magpakailanman."

Mga tatlong buwang nanatili si Mariang kasama ni Elizabeth at saka nagbalik sa kanyang bahay.

DIACONAL ANNIVERSARY: Rev. Christopher L. Morales
DATE OF ESTABLISHMENT: 1984, Sta. Lucia Parish

Pagmamasisid

Madalas, abala tayo sa sarili nating mga buhay, ngunit tinatawag din tayong maging bukas-palad sa iba, lalo na sa nangangailangan ng ating presensya at suporta.

Pagahahawi

Ito ang halimbawang ipinakita sa atin ni Maria sa ebanghelyo. Isang pagpapakita ng kababaang-loob at pagmamalasakit sa kapwa. Dahil dito, napasambit si Elisabet sa matinding galak at pagkamangha, "Sino nga ba naman ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon?"

Pagtatabas

Sa ating buhay, katulad rin ba tayo ni Maria na may malasakit sa iba kahit may sariling pinagdadaanan?

Pagsasaayon

Hindi lamang isang pagbati ang sinabi ni Elisabet kundi isang pagpapahayag ng pananampalataya. Isang pagkilala sa dakilang papel ni Maria sa plano ng Diyos. Hindi lamang isang simpleng pagtulong ang kanyang pagdalaw kundi isang patotoo ng banal na presensya na nagbibigay ng kagalakan at pagpapala. Tularan nawa natin ang kababaang-loob at pagmamalasakit ni Maria. Piliin nating maging lingkod at presensya ng Diyos sa iba sa ating pang-araw-araw na buhay.

Pagdiriwang

Salamat po Panginoon na sa kabila ng aming mga pagsubok, patuloy mo kaming ginagabayan ng iyong mahal na presensya sa mga taong nakapaligid sa amin, lalo na ang aming pamilya at mahal sa buhay.

Ebanghelyo: Mateo 15:21-28

Pagkaalis sa lugar na iyon, pumunta si Jesus sa gawing Tiro at Sidon. May isang babaeng Kananea noon na nagpunta sa dakong iyon at sumigaw: "Panginoon, anak ni David, maawa ka sa akin! Pinahihirapan ng isang demonyo ang anak kong babae." Ngunit hindi siya tinugon ni Jesus kaya lumapit ang kanyang mga alagad at hiniling ng mga ito: "Paalisin mo na siya't sigaw siya nang sigaw sa likod natin."

At sinabi sa kanya ni Jesus: "Sa nawawalang tupa ng bayan ng Israel ako sinugo."

Ngunit lumapit ang babae at lumuhod sa harap ni Jesus at sinabi: "Ginoo, tulungan mo ako!" Sumagot si Jesus: "Hindi tama na kunin ang tinapay sa mga bata at itapon ito sa mga tuta." Sumagot ang babae: "Totoo nga, Ginoo, pero kinakain naman ng mga tuta ang mga nalalaglag mula sa hapag ng kanilang mga amo." Kaya nagsalita sa kanya si Jesus: "Babae, napakalaki ng iyong pananalig! Maganap sa iyo ayon sa nais mo." At nang oras ding iyon, gumaling ang kanyang anak.



"Babae, napakalaki ng iyong pananalig!
Maganap sa iyo ayon sa nais mo."

PARISH FIESTA: San Roque Parish

Pagmamasid

May sinapian na bang masamang espiritu sa inyong paligid?

Paghahawi

Sinabi kay Jesus ng babaeng may anak na sinapian ng demonyo: "Ginoo, tulungan mo ako. Sumagot si Jesus na hindi tamang kunin ang tinapay sa bata, at itapon ito sa tuta. Sagot ng babae na kinakain ng tuta ang nalaglag mula sa hapag ng amo. Nagsalita si Jesus: "Babae, napakalaki ng iyong pananalig! Maganap... ang nais mo." Sa oras ding iyon, gumaling ang anak niya.

Pagtatabas

Katulad ba ako ng babae na lalapit kay Jesus sa problemang hindi ko kayang lutasin?

Pagsasaayos

Nanalangin ako sa Diyos sa problemang hindi ko na kayang lutasin. Maraming beses, nalulutas ang suliranin. Malaking pananalig kay Jesus ang inaasahan Niya sa ating hiling. Minsan, patuloy ang problema. Hindi pa panahon para malutas ito. Tinatanggap ko ang krus, at patuloy ang pananalangin ko sa Diyos.

Para sa inaalihan ng masamang espiritu, humingi ng tulong sa Obispo natin, dahil may inatasan na siyang grupo ng pari at layko na nagsanay sa pag-alis ng masamang espiritu sa isang tao.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa pagtugon Niyo sa aming dalangin, na nakabatay sa aming pananalig sa Inyo.

Lunes
AGOSTO **17**



**IKA-20 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Deuteronomio 32:18-19, 20, 21
*Ang Diyos ay tinalikdan
ng kanyang mga nilalang.*

Unang Pagbasa: Ezekiel 24:15-23

Dumating sa akin ang salita ni Yawe: “Anak ng tao, bigla kong kukunin sa iyo ang kasiyahan ng iyong paningin pero huwag kang managhoy o umiyak o lumuha. Tahimik kang magdalmhati at huwag ipagluksa ang patay. Magturban ka, magsandalyas, huwag magtakip ng balbas at huwag kanin ang karaniwang pagkain sa pagluluksa.”

Nagsalita ako nang umaga sa bayan, at namatay kinahapunan ang aking asawa. Kina-umagahan ginawa ko ang iniutos sa akin. Sinabi sa akin ng mga tao: “Ano ang ibig sabihin ng ginagawa mo? Ipaliwanag mo sa amin.” Sumagot ako: “Dumating sa akin ang salita ni Yawe: Sabihin mo sa Israel na ito ang sinasabi ni Yawe: Lalapastanganin ko ang aking santuwaryo na inyong ipinagmamalaki at kasiyahan ng inyong mga mata. Mabubuwal sa tabak ang mga anak na inyong iniwan. Ngunit gagawin ninyo ang aking ginawa. Hindi kayo magtatakip ng balbas ni kakain ng karaniwang pagkain sa pagluluksa. Mananatili kayong nakaturban at nakasandalyas. Hindi kayo magluluksa o iiyak kundi mabubulok at sama-samang dadaing dahil sa inyong mga kasalanan.

Ebanghelyo: Mateo 19:16-22

Nang oras ding iyon, lumapit sa kanya ang isang binata at nagtanong: “Guro, anong mabuti ang dapat kong gawin para makamit ang buhay na walang hanggan?” Sumagot si Jesus: “Bakit tungkol sa mabuti ang tanong mo? lisa lang ang Mabuti. Kung gusto mong pumasok sa buhay na walang hanggan, sundin mo ang mga utos.” At sinabi naman ng binata: “Anong mga utos?” Sumagot si Jesus: “*Huwag papatay, huwag makiapid, huwag magnakaw, huwag manirang-puri ng kapwa, igalang ang iyong ama at ina, at mahalín ang iyong kapwa gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili.*”

At sinabi sa kanya ng binata: “Sinunod ko ang lahat ng ito, ano pa ang kulang ko?” At sinabi ni Jesus: “Kung gusto mong maging ganap, umuwi ka’t ipagbili ang mga ari-arian mo at ibigay ang pera sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa Langit. At saka ka bumalik para sumunod sa akin.”

Pagkarinig ng binata sa pahayag na ito, umalis siyang malungkot sapagkat napakayaman niya.

Pagmamasisid

Nabasa ko sa balita ang banyagang milyonaryong nagbigay ng pera sa mga tao sa kalsada sa araw ng Pasko.

Paghahawi

Tanong kay Jesus ng binata kung ano ang kulang niya, dahil sinunod niya ang lahat ng utos ng Diyos. Sagot ni Jesus: “Kung gusto mong maging ganap, umuwi ka’t ipagbili ang mga ari-arian mo, ibigay ang pera sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa Langit... saka ka bumalik, para sumunod sa akin.” Umalis na malungkot ang binata, dahil napakayaman niya.

Pagtatabas

Kung sing-yaman ka ng binata, magagawa mo ba ang payo ni Jesus, upang makasunod sa Kanya?

Pagsasaayos

Marahil marami sa mayaman ang mahihirapan ipagbili ang ari-arian at ibigay ang pera sa mga dukha, lalo na kung pinaghirapan o minana nila ito. Inaasahan na mamuhay tayo ng simple kahit mayaman, upang maibahagi ang ating yaman sa nangangailangan.

Kailangang isipin na katiwala lang tayo ng ari-ariang meron tayo. Kahit na pinaghirapan ito, ang biyaya ng kalusugan, sipag, at talento sa paglago ng kayamanan, galing sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, nawa lagi naming maibahagi ang biyayang ipinagkaloob Niyo sa amin, sa Inyong ibang anak, aming kapatid, lalo na ang hikahos.

IKA-20 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

**Deuteronomio 32:26-27ab, 27kd-28,
30, 35kd-36ab**

*Nasa pasya ng Maykapal
ang buhay at kamatayan.*



Martes
18 AGOSTO

Unang Pagbasa: Ezekiel 28:1-10

Sumapit sa akin ang salita ni Yawe, “Anak ng tao, sabihin mo sa prinsipeng ng Tiro: Lubha kang mapagmalaki. Isang diyos ako, ang iyong sinabi, karapat-dapat sa diyos ang aking tirahan sa gitna ng dagat. Ngunit tao ka’t hindi isang diyos, at pumapantay ka sa Diyos?”

Akala mo’y mas marunong ka pa kay Daniel at sa iyo’y walang nalilingid na lihim. Yumaman ka nga dahil sa iyong katalinuhan; umagos ang ginto’t pilak sa iyong kabang-yaman. Isang tusong mangangalakal, nagkamal ka ng salapi at lalo kang naging palalo.

Ngunit ngayo’y pinagsasabihan ka ni Yawe – ikaw na parang Diyos and turing sa sarili: lpalulusob kita sa mga dayuhan, sa pinakamabagsik sa lahat ng bansa. Tatapatan nila ng tabak ang dunong mo at ibabagsak ang mataas mong kalagayan. Ibululusok ka nila sa hukay, at sa pusod ng dagat ka masasadlak. Masasabi mo pa bang “diyos ako” kapag pinapatay ka na ng mga kalaban? Isa kang tao’t hindi isang diyos. Daranasin mo ang kamatayan ng di-tuli sa kamay ng mga dayuhan, pagkat iyan ang winika ko,” sabi ni Yawe.

Ebanghelyo: Mateo 19:23-30

*A*t sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Talagang sinasabi ko sa inyo: mahirap makapasok ang mayaman sa kaharian ng Langit. Oo, maniwala kayo, mas madali pa para sa kamelyo ang lumusot sa butas ng karayom kaysa pumasok ang isang mayaman sa kaharian ng Langit.”

Nang marinig ito ng mga alagad, namangha sila at sinabing “Kung gayon, sino ang maliligtas?” Tinitigan sila ni Jesus at sumagot: “Imposible ito para sa tao; pero para sa Diyos, lahat ay posible.” Nagsalita si Pedro at sinabi: “Iniwan namin ang lahat para sumunod sa iyo: ano naman ang para sa amin?”

Sumagot si Jesus: “Talagang sinasabi ko sa inyong mga sumunod sa akin: sa Araw ng Pagbabago, pag upo ng Anak ng Tao sa kanyang trono nang buong luwalhati, uupo rin kayo sa labindalawang trono para maghari sa labindalawang tribu ng Israel. At ang mag-iwan ng mga tahanan, mga kapatid, ama at ina, mga anak o mga bukid alang-alang sa ngalan ko, tatanggap siya ng sandaang beses at makakamit ang buhay na walang hanggan. May mga una ngayon na mahuhuli at may mga huli naman na mauuna.

Pagmamasiid

Gusto mo ba ng buhay na walang hanggan?

Paghahawi

Sagot ni Jesus: “Ang mag-iwan ng tahanan, mga kapatid, ama at ina, mga anak, o mga bukid alang-alang sa ngalan ko, tatanggap siya ng sandaang beses at makakamit ang buhay na walang hanggan.”

Pagtatabas

Maiiwan ko ba ang lahat, para sumunod kay Jesus, at makamit ang buhay na walang hanggan?

Pagsasaayos

Kung kaya mong iwanan ang lahat at sumunod kay Jesus, mabuti ito para sa maraming Katoliko na umalis sa Simbahan o mga taong hindi pa Kristiyano. Maari kang maging pari o madre para kay Jesus. May kakulangan ang bilang ng paring Katoliko sa mundo. Inaasahan na may kura paroko bawat pitung libong Katoliko.

Taon-taon, dumarami ang tao, ngunit kumukonti ang nagiging pari. Sa mabuting pari o madre na maraming sakripisyo para sa Diyos, sabi ni Jesus na mapapasakanya ang buhay na walang hanggan kabutihan at kaligayahan sa Langit.

Pagdiriwang

Ama, kaming layko, patuloy na nagdarasal ng pagdami ng mga pari at madre, para sa pagpapalaganap at pagpapatibay ng aming pananampalataya sa Inyo.



Unang Pagbasa: Ezekiel 34:1-11

Ebanghelyo: Mateo 20:1-16

Tungkol sa nangyayari sa kaharian ng Langit ang kuwentong ito. Maagang lumabas ang isang may-ari para umupa ng mga manggagawa sa ubasan. Nakipagkasundo siya na tatanggap ang mga manggagawa ng isang baryang pilak isang araw, at pinapunta na niya sila sa ubasan.

Lumabas din siya nang mag-iikasiyam ng umaga at nakita niya ang ibang mga nakatayo sa plasa na walang ginagawa. Kaya sinabi niya sa kanila: 'Pumunta rin kayo sa aking ubasan at bibigyan ko kayo ng nararapat.' At pumunta sila.

Muli siyang lumabas kinatanghalian at nang mag-iikatlo ng hapon at gayundin ang ginawa niya. Lumabas din siya sa huling oras ng paggawa at nakita niya ang iba pang nakatayo lamang. Kaya sinabi niya sa kanila: 'Bakit kayo nakatayo lang at maghapong walang ginagawa?' Sumagot sila: 'Dahil walang umupa sa amin.' Sinabi niya: 'Pumunta kayo at magtrabaho sa aking ubasan.'

Paglubog ng araw, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang tagapamahala: 'Tawagin ang mga manggagawa at bayaran sila, mula sa huli hanggang sa una.' Kaya lumapit ang mga dumating sa huling oras at binigyan sila ng tig-isang denaryo (isang baryang pilak). Nang lumapit naman ang mga nauna, akala nila'y tatanggap sila ng higit pa. Ngunit tumanggap din sila ng tig-isang denaryo. Kaya pagkatanggap nila nito, nagsimula silang magreklamo sa may-ari.

Ang sabi nila: 'Isang oras lamang ang trabaho ng mga huling ito, at ipinapantay mo sila ngayon sa amin na maghapong nagtrabaho sa init ng araw.' Kaya sinagot ng may-ari ang isa sa kanila: 'Kaibigan, hindi ko kinukuha ang sa iyo. Di ba't nagkasundo tayo sa isang denaryo isang araw? Kaya tanggapin mo ang sa iyo at umalis ka na. Gusto ko ring bigyan ang nahuli gaya ng ibinigay ko sa iyo. Wala ba akong karapatang gawin ang gusto ko sa pera ko? Bakit ka naiinggit dahil maawain ako?'

Kaya mauuna nga ang huli, at mahuhuli ang una."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Roland P. Jaluag

Pagmamasid

Iginagalang mo ba ang kasunduan mo sa kapwa?

Paghahawi

Nagreklamo ang mga manggagawa sa may-ari ng ubasan bakit pareho ang bayad sa nauna at nahuling manggagawa. Sagot ng may-ari na yun ang kasunduan sa lahat ng manggagawa, una o huli man.

Pagtatabas

Magreklamo rin ba ako kung isa ako sa mga unang manggagawa?

Pagsasaayos

Sa kuwento ni Jesus tungkol sa nangyayari sa kaharian ng Langit, kailangan igalang ang kasunduan sa kapwa. Sa may-ari ng ubasan, ang pasya niya tungkol sa pera niya, kahit hindi natin alam ang kasunduan sa lahat ng manggagawa, una o huli man.

Kahit huli tayong gumawa nang pinagagawa, tulad ng pagsisi ng ating mga kasalanan, ang biyaya na makapasok sa kaharian ng Diyos, maigagawad pa rin sa atin kahit huling manggagawa tayo.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa maraming pagkakataon ibinigay Niyo hanggang sa huling sandali ng aming buhay, upang magbalik-loob kami sa Inyo, at makapasok sa Inyong kaharian sa Langit.

IKA-20 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

San Bernardo

Salmo 51:12-13, 14-15, 18-19

*Kayo'y aking wiwiskan
upang sala'y mahugasan.*



Huwebes
20 AGOSTO

Unang Pagbasa: Ezekiel 36:23-28*

(...) Sapagkat titipunin ko kayo buhat sa lahat ng bansa at ibabalik sa inyong sariling lupa. At bubuhusan ko kayo ng dalisay na tubig upang luminis kayo sapagkat pinarumi kayo ng inyong mga diyus-diyusan. Bibigyan ko kayo ng isang bagong puso at ilalagay ang isang bagong espiritu sa loob ninyo. Aalisin ko sa inyo ang pusong bato at bibigyan ko kayo ng pusong laman. Ilalagay ko sa inyong kalooban ang aking espiritu at nang sumunod kayo sa aking mga kautusan. Mamumuhay kayo sa lupang ipinagkaloob ko sa inyong mga magulang. Magiging bayan ko kayo at ako ang inyong Diyos.

Ebanghelyo: Mateo 22:1-14

Muling nagsalita si Jesus sa pamamagitan ng mga talinhaga: "Tungkol sa nangyayari sa kaharian ng Langit ang kuwentong ito: May isang haring naghanda sa kasal ng kanyang anak na lalaki. Ipinatawag niya sa mga katulong ang mga imbitado sa kasalan ngunit ayaw nilang dumalo.

Muli niyang pinapunta ang iba pang mga katulong para sabihin sa mga inanyayahan sa kasalan: 'Naghanda ako ng pagkain, nagpatay ng mga toro at mga pinatabang hayop; handa na ang lahat kaya pumarito na kayo sa kasalan.'

Ngunit hindi nila pinansin ang paanyaya, sa halip ay may pumunta sa kanyang taniman, at sa kanyang negosyo naman ang isa pa. Sinunggaban naman ng iba pa ang mga katulong ng hari, nilibak at pinatay.

Lubhang nagalit ang hari kayat ipinadala niya ang kanyang hukbo para puksain ang mga mamamatay-tao at sunugin ang lunsod. At sinabi niya sa kanyang mga katulong: 'Handa na ang kasalan ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. Pumunta kayo ngayon sa dulo ng lunsod at anyayahan sa kasalan ang bawat makita ninyo.'

Kaya agad na lumabas sa mga daan ang mga katulong at tinipon ang lahat ng makita, masama at mabuti, at napuno ang kasalan ng mga nasa hapag. Pagkatapos ay dumating ang hari para tingnan kung sino ang mga nasa hapag at napansin niya ang isang lalaking hindi nakadamit-pampiyesta. Kaya sinabi niya sa kanya: 'Kaibigan, paano ka nakapasok nang walang damit pangkasal?' Ngunit hindi umimik ang tao. Kaya sinabi ng hari sa kanyang mga katulong: 'Igapos ang kanyang mga kamay at paa, at itapon sa dilim, kung saan may iyanan at pagngangalit ng mga ngipin.'

Marami ngang talaga ang tinawag pero kaunti ang pinili."

Pagmamasiid

Naranasan ko bang tawagin, ngunit hindi napili?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus tungkol sa talinhaga Niya: "Marami ngang talaga ang tinawag pero kaunti ang pinili."

Pagtatabas

Lahat tinatawag ng Diyos sa kabutihan. Paano ako mapipili?

Pagsasaayos

Maraming inaanyayahan sa bakanteng trabaho, ngunit kaunti, kung minsan, isa lang, ang pipiliin, ang may akmang katangian at karanasan para sa trabaho. Sa mga pumapasok sa seminaryo, kaunti ang natutuloy sa pagpapari. Mapipili tayo ng Diyos sa Kanyang piging sa Langit, kung karapat-dapat tayo, ayon sa Kanyang kalooban.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming magsikap araw-araw na masunod ang Inyong kalooban, upang maging karapat-dapat na makatugon kami sa Inyong paanyaya.



Unang Pagbasa: Ezekiel 37:1-14*

(...) Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, muli bang mabubuhay ang mga buto na ito?" Tumugon ako, "Panginoong Yawe, ikaw lamang ang nakaalam." Pagkaraan sinabi niya, "Ipahayag mo ang aking salita sa mga buto na ito. Sabihin mo sa kanila: Mga tuyong buto, pakinggan ang salita ni Yawe! Sinasabi ni Yawe sa mga butong ito: Papapasukin ko sa inyo ang espiritu at muli kayong bubuhayin. Lalagyan ko kayo ng mga litid at patutubuin ang laman sa inyo. Babalutin ko kayo ng balat at ibibigay sa inyo ang aking Espiritu at mabubuhay kayo. At makikilala ninyo na ako si Yawe." (...)

Pagkapagpahayag ko, gaya ng iniatas, pumasok ang espiritu sa mga kalansay at nabuhay sila. Nang tumayo, singkapal sila ng isang napakalaking hukbo.

Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, ang mga buto na ito ay ang buong Israel. Lagi nilang sinasabi: 'Tigang ang aming buto, walang pag-asa, ito na ang aming wakas.' Kaya magpahayag ka. Sabihin mo sa kanila: Ito ang salita ni Yawe: Bubuksan ko ang inyong

libingan. Iaahon ko kayo sa inyong mga puntod, aking bayan, at aakaying pabalik sa lupang Israel. Makikilala ninyo na ako si Yawe, O bayan ko, kapag binuksan ko na ang inyong libingan at inilabas kayo roon, kapag inilagay ko sa inyo ang aking Espiritu at nabuhay kayo. Itatag ko kayo sa inyong lupain, at mababatid ninyo na akong si Yawe ang nagsabi at tumupad sa aking sinabi."

Ebanghelyo: Mateo 22:34-40

Narinig ng mga Pariseo na napatahimik ni Jesus ang mga Sadduseo, at sumang-ayon sila sa kanya. Kaya sinubukan siya ng isa sa kanila na isang guro ng Batas sa tanong na ito: "Guro, ano ang pinakamahalagang utos ng Batas?"

Sumagot si Jesus: "*Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa at nang buo mong pag-iisip. Ito ang una at pinakamahalagang utos. Ngunit may ikalawa pa na tulad nito: Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nabubuod ang buong Batas at Mga Propeta.*"

BIRTHDAY: Rev. Fr. Joselito S. Sarabia, CM

Pagmamasadid

Sino ang mahal mo gaya ng iyong sarili?

Paghahawi

Sumagot si Jesus: "Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa at nang buo mong pag-iisip. Ito ang una at pinakamahalagang utos. Ngunit may ikalawa pa na tulad nito: Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."

Pagtatabas

Bakit ko mamahalin ang kapwa gaya ng aking sarili?

Pagsasaayos

Karaniwan, ang tao mahal ang sarili, kung minsan, labis ito, na nakakalimutan ang kapwa. Ang Sampung Utos nakaugat sa pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan, kaya ang buod niya, dalawang utos: pagmamahal sa Diyos at kapwa. Ang pagmamahal sa sarili, nakabatay sa dignidad ng bawat tao, dahil anak siya ng Ama, at nilikhang kawangis ng Diyos. Hindi batayan ang itsura, yaman, kakayahan, kapangyarihan, o katanyagan.

Pagdiriwang

Ama, nawa ang aming salita at gawa araw-araw, nagpapakita ng aming lubos na pagmamahal sa Inyo at aming kapwa, gaya ng aming sarili.

IKA-20 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

Paggunita sa Pagkareyna ng
Mahal na Birheng Maria

Salmo 85:9ab at 10, 11-12, 13-14

Sa ati'y mananatili
paglingap ng Poon lagi.



Unang Pagbasa: Ezekiel 43:1-7ab*

(...) Pumasok sa Bahay ang Luwalhati ni Yawe na nagdaan sa silangang pintuan. Itinaas ako ng espiritu at dinala sa patyo sa loob: Puno ng Luwalhati ni Yawe ang Bahay. Narinig kong may nagsalita sa akin mula sa Bahay habang nakatayo sa tabi ko ang lalaki. Sabi ng tinig, "Anak ng tao, nakita mo ang lugar ng aking trono at tuntungan ng aking mga paa. Dito ako maninirahan sa piling ng mga anak ng Israel magpakailanman. At kailanma'y hindi na sasaulain pa ng bayang Israel at ng kanilang mga hari ang aking banal na pangalan sa pamamagitan ng kanilang mga pagbibili ng sarili at ng bangkay ng kanilang mga hari.

Ebanghelyo: Mateo 23:1-12

At sinabi ni Jesus sa mga tao at sa kanyang mga alagad: "Ang mga guro ng Batas at mga Pariseo ang umupo sa puwesto ni Moises. Pakinggan at gawin ang lahat nilang sinasabi pero huwag silang pamarisan,

sapagkat nagsasalita sila pero hindi naman ginagawa. Naghahanda sila ng mabibigat na pasanin at ipinapatong sa mga balikat ng mga tao. Ngunit hindi nila ikinikilos ni isang daliri para galawin ang mga iyon. Pakitang-tao lamang ang lahat nilang ginagawa; dahil dito, malalapad na laso ng Kasulatan ang gusto nila para sa kanilang noo, at mahahabang palawit sa kanilang balabal. Gusto nilang mabigyan ng pangunahing lugar o upuan sa mga piging at sa sinagoga. Ikinatutuwa rin nilang mabati sa mga liwasan at matawag na guro ng mga tao.

Huwag kayong patawag na *guro* sapagkat iisa lamang ang Guro ninyo at magkakapatid kayong lahat. Huwag din ninyong tawaging *ama* ang sinuman sa mundo sapagkat iisa lamang ang inyong Ama, siya na nasa Langit. Huwag din kayong patawag na *gabay* sapagkat iisa lamang ang inyong Patnubay, si Kristo. Maging alipin ninyo ang pinakadakilang sa inyo. Sapagkat ibababa ang nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa.

EPISCOPAL ANNIVERSARY: Most Rev. Roberto O. Gaa, D.D

PARISH FIESTA: Mary the Queen Parish

Pagmamasid

May kilala ba kayong nagpapakataas? May kaibigan ba kayong nagpapakababa?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "... ibababa ang nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa."

Pagtatabas

Sa iyong karanasan, nakita mo ba ang sinabi ni Jesus tungkol sa nagpapakataas at nagpapakababa?

Pagsasaayos

Sa kultura natin, malimit iniwasan ang nagpapakataas na kilala. Mapayapa kadalasan ang samahan ng mga kaibigang nagpapakababa. Ang kababaang-loob ay isang katangian ng tagasunod ni Jesus at lingkod-Simbahan.

Nakakatulong mabawasan ang kayabangan kung iisiping katiwala lang tayo ng anumang ipinagyayabang natin. Maaring sa isang iglap, mawala ito dahil sa pagkakamali, panloloko ng iba, o grabeng sakit. Kabutihan, hindi materyal o pisikal na bagay, ang madadala natin sa kabilang buhay.

Pagdiriwang

Ama, sa aming pag-unlad sa grasya Niyo, nawa manatili kaming payak at mapagpakumbaba.




Ebanghelyo: Mateo 16:13-20

Pumunta noon si Jesus sa may dakong Cesarea ni Filipo. Tinanong niya ang kanyang mga alagad: “Ano ang Anak ng Tao para sa mga tao? Sino ako para sa kanila?” Sumagot sila: “May nagsasabing si Juan Bautista ka; may iba pang nagsasabing si Elias ka o si Jeremias o isa sa mga propeta kaya.”

Sinabi niya sa kanila: “Ngunit sino ako para sa inyo?” At sumagot si Simon Pedro: “Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos na Buhay.” Sumagot naman si Jesus: “Mapalad ka, Simon Bar-Yona, hindi nga laman at dugo ang nagbunyag nito sa iyo kundi ang aking Amang nasa Langit.

At ngayon sinasabi ko sa iyo: Ikaw si Pedro (o Bato) at sa batong ito ko itatayo ang aking Iglesya; at hinding-hindi ito madadaig ng kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng Langit: ang itali mo dito sa lupa ay itatali rin sa Langit, at ang kalagan mo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit.”

At inutusan niya ang kanyang mga alagad na huwag sabihin kanino man na siya nga ang Mesiyas.



“Ikaw si Pedro (o Bato) at sa batong ito ko itatayo ang aking Iglesya; at hinding-hindi ito madadaig ng kapangyarihan ng kamatayan.”

Pagmamasid

Gaano mo kakilala ang mahal mo sa buhay?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad Niya: “Ngunit sino ako para sa inyo?”

Pagtatabas

Anong sagot natin sa tanong ni Jesus?

Pagsasaayos

Marami ang tawag kay Jesus: Anak ni Maria at Jose, Anak ng Tao, Diyos Anak, Bugtong na Anak ng Ama, Anak na Kinalulugdan, Tagapagligtas, Mesiyas o Kristo, Kaibigan, Kapatid, Guro, Propeta, Dakilang Manggagamot, Prinsipe ng Kapayapaan, at Hari ng mga Hari.

Maaring noong bata tayo, simple o isa lang ang tawag natin sa Kanya. Habang nakikilala natin siya, maaring nagbabago o dumarami ang tawag natin sa Kanya, at napapalapit tayo sa Kanya. Sa mga taong nagdaan sa hirap, at hindi naibigay ang hiling sa dasal, maaring lumayo kay Jesus at nabawasan ang pananalig sa Kanya.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, mas nakilala namin Kayo sa Inyong pagkakatawang-tao. Nawa, patuloy namin makilala Kayo sa Banal na Kasulatan, sa turo ng Simbahan, at sa aming karanasan at pakikitungo sa kapwa.



**KAPISTAHAN NI
APOSTOL SAN BARTOLOME**
Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 145:10-11, 12-13, 17-18
*Talastas ng mga tao
dakilang paghahari mo.*

**Unang Pagbasa:
Pagbubunyag 21:9b-14**

Lumapit sa akin ang isa sa pitong anghel na may dalang pitong kopa na puno ng huling pitong salot. Sabi niya siya sa akin: "Halika, ipakikita ko sa iyo ang nobya, ang esposa ng Kordero. Dinala niya ang aking diwa sa malaki at mataas na bundok; ipinakita niya doon sa akin ang banal na lunsod ng Jerusalem na bumababa mula sa langit galing sa Diyos, taglay ang luwalhati ng Diyos kaya nagniningning na tulad ng isang mahalagang bato na parang malinaw na haspe.

Nababakuran iyon ng isang matibay at mataas na pader na may labindalawang pintuang tinatanuran ng labindalawang anghel. Nakasulat sa mga pintuan ang mga pangalan ng labindalawang tribu ng mga anak ng Israel. May tatlong pintuan sa silangan, tatlo sa hilaga, tatlo sa timog at tatlo sa kanluran. May labindalawang hilera ng mga bato ang saligan ng pader at nasa mga ito ang labindalawang pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero.

Ebanghelyo: Juan 1:45-51

Natagpuan ni Felipe si Natanael at sinabi nito sa kanya: "Ang tinukoy ni Moises na nakasulat sa Batas at Mga Propeta, natagpuan namin siya – si Jesus na anak ni Jose, na taga-Nazaret."

Sinabi naman sa kanya ni Natanael: "May mabuti bang puwedeng manggaling sa Nazaret?" Sagot sa kanya ni Felipe: "Halika't makikita mo."

Nakita ni Jesus si Natanael na palapit sa kanya at sinabi niya tungkol sa kanya: "Hayan, isang totoong Israelitang walang pagkukunwari." Sinabi sa kanya ni Natanael: "Paano mo ako nakilala?" Sumagot sa kanya si Jesus: "Bago ka pa man tawagin ni Felipe, habang nasa ilalim ka ng punong-igos, nakita na kita."

Sumagot si Natanael: "Rabbi, ikaw ang Anak ng Diyos, ikaw ang Hari ng Israel." Sumagot si Jesus: Sinabi ko lang sa iyong nakita kita sa ilalim ng punong-igos, at naniniwala ka na? Higit pa sa mga ito ang makikita mo."

At idinugtong ni Jesus: "Talangang-talangang sinasabi ko sa inyo, makikita ninyong bukas na ang langit at panhik-panaog sa Anak ng Tao ang mga anghel ng Diyos."

PARISH FIESTA: Primary Patron San Batolome de Novaliches Parish

Pagmamasad

Naranasan mo na bang ipakilala ka sa kilala mo na?

Paghahawi

Sumagot si Jesus kay Nathaniel: "Bago ka pa man tawagin ni Felipe, habang nasa ilalim ka ng punong-igos, nakita na kita."

Pagtatabas

Kagaya ba tayo ni Nathaniel na kilala na tayo ng Diyos bago pa natin nakilala Siya?

Pagsasaayos

Mabilis ang ugnayan sa kapwa kapag magkakilala na kayo. Magsaya tayo na kilala na tayo ng Diyos bago natin Siya nakilala. Alam Niya ang lahat ng pangyayari sa ating buhay, mabuti at masama. Nauunawaan Niya agad ang ating damdamin, hinihiling, at kailangan. Wala tayong maitatago sa Kanya. Bukas ang ating buhay sa Kanya.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa lubos na pagkilala Ninyo sa amin. Tulungan Niyo kaming makilala rin at matupad ang kalooban Ninyo para sa amin.

IKA-21 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)

*San Luis ng Pransya /
San Jose de Calasanz*

Salmo 96:10, 11-12, 13

*Pangino'y paririto
upang hatulan n'ya tayo.*



Martes
25 AGOSTO

Unang Pagbasa:

2 Tesalonika 2:1-3a, 14-17

Mga kapatid, pag-usapan natin ang tungkol sa pagdating ni Kristo Jesus na ating Panginoon, at sa pagtitipon natin para salubungin siya. Huwag kayong madaling nerbiyusin. Huwag kayong mabahala sa sinasabi ng isang propeta o sa ulat o sa isang sulat na parang galing sa amin, na palapit na ang araw ng Panginoon. Huwag kayong palinlang kaninuman sa anumang paraan.

Ito ang layunin ng pagtawag niya sa inyo sa pamamagitan ng aming Ebanghelyo: niloob nga niyang makamit ninyo ang kaluwalhatian ni Kristo Jesus na ating Panginoon.

Dahil dito, mga kapatid, magpakatatag kayo at manindigan sa mga tradisyong itinuro namin sa inyo sa salita o sa sulat. At patatagin din nawa kayo ni Kristo Jesus na ating Panginoon at ng Diyos na ating Ama. Minahal niya tayo at sa kanyang habag ay binigyan tayo ng walang hanggang kaaliwan at mabuting pag-asa; pasiglahin nawa niya ang inyong mga puso at gawin kayong matatag sa anumang mabuting gawain at salita.

Ebanghelyo: Mateo 23:23-26

Kawawa kayong mga guro ng Batas at mga Pariseo, kayong mga mapagkunwari! Hindi ninyo nalilimutan ang mint, anis at kumino sa pagbabayad ninyo ng ikapu, ngunit hindi ninyo tinutupad ang pinakamahalaga sa Batas: ang katarungan, awa at pananampalataya. Ito ang nararapat isagawa na hindi kinakaligtaan ang iba. Mga bulag na tagaakay! Sinasala ninyo ang lamok, pero nilulunok ang kamelyo.

Kawawa kayong mga guro ng Batas at mga Pariseo, kayong mga mapagkunwari! Nililinis ninyo ang labas ng plato at kopa ngunit pinupuno naman ninyo ang loob ng pagnanakaw at karahasan. Bulag na Pariseo! Linisin mo muna ang loob, at lilinis din ang labas.

Pagmamasiid

Nasabihan na ba akong mapagkunwari? Bakit?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus na kawawa ang mapagkunwaring guro ng Batas at Pariseo. Hindi nila tinutupad ang pinakamahalaga sa Batas: katarungan, awa, at pananampalataya. Pinayuhan sila na linisin muna ang loob, at linisin din ang labas.

Pagtatabas

Mapagkunwari ba ako sa salita at gawa tulad ng mga guro ng Batas at mga Pariseo?

Pagsasaayos

Masakit na masabihan o maturingang mapagkunwari, kung sa kaibuturan ng puso ko, hindi ito totoo. Ngunit kung totoong mapagkunwari ako, mapagninilayan ko kung ano at paano ang aking gagawin para magbago.

Kawawa nga ang mga taong mapagkunwari. Hindi buo ang kanilang pagkatao. Iba ang panloob sa panlabas nilang katauhan. Kawawa silang nagpapakita, halimbawa, ng kabutihan, ngunit labag sa kanilang kalooban. Ipagdasal natin sila, kung hindi natin sila gaanong kakilala, upang mapagpayuhan sa mabuting paraan.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa mga pagkakataong naipapakita namin ang hindi mapagkunwaring pagtulong sa iba. Nawa patuloy naming itong magawa.



Miyerkules

AGOSTO 26



**IKA-21 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 128:1-2, 4-5
*Mapalad ang sumusunod
na taong may takaot sa D'yos.*

Unang Pagbasa:

2 Tesalonika 3:6-10, 16-18

Mga kapatid, iniuutos namin sa inyo sa ngalan ni Jesucristong Panginoon na lumayo sa sinumang kapatid na namumuhay na walang ginagawa at hindi ayon sa mga tradisyong ipinasa namin sa inyo.

Alam ninyo kung paano ninyo kami tutularan; hindi nga kami naging tamad habang kasama ninyo kami. Hindi kami kumain nang libre. Araw-gabi kaming nagtatrabaho at nagpapagod, upang di maging pabigat kaninuman. Kahit na may karapatan kaming hindi gawin ang mga ito, ginusto naming bigyan kayo ng halimbawa.

Nang kasama ninyo kami, maliwanag na sinabi namin: "Kung may ayaw gumawa, huwag siyang kumain."

Ibigay nawang lagi sa inyo ng Mapagpaya-pang Panginoon ang kapayapaan sa lahat ng paraan. Sumainyong lahat ang Panginoon.

Akong si Pablo ang sumulat ng pagbating ito sa sarili kong kamay. Ito ang lagda ko sa lahat ng aking mga sulat. Sulat ko ito.

Sumainyo ang kagandahang-loob ni Kristo Jesus na ating Panginoon.

Ebanghelyo: Mateo 23:27-32

Kawawa kayong mga guro ng Batas at mga Pariseo, kayong mga mapagkunwari! Para kayong mga pinaputing libingan na maganda sa labas pero puno ng buto ng mga patay at ng iba pang karumihan ang loob. Gayundin naman, mukha kayong mga taong banal ngunit puno naman ng pagkukunwari at kasamaan ang kalooban.

Kawawa kayong mga guro ng Batas at mga Pariseo, kayong mga mapagkunwari! Nagtatayo kayo ng mga monumento para sa mga propeta at pinapalamutian ang mga bantayog ng mga banal na tao. Sinasabi ninyo: 'Kung tayo ang nabuhay sa panahon ng ating mga ninuno, hindi sana tayo sumang-ayon na patayin ang mga propeta.' Kaya kayo ang umaamin na mga anak kayo ng mga pumatay sa mga propeta. At ngayon, tapusin ninyo ang sinimulan ng inyong mga ninuno!

BIRTHDAY: Rev. Fr. Victor Emmanuel I. Clemen

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. John Harvey D. Bagos | Rev. Fr. Lusil E. Pardilla

DATE OF ESTABLISHMENT: 1993, Parokya Ng Mabuting Pastol

Pagmamasisid

May mga ninuno ba akong hindi kaaya-aya ang ginawa? Meron ba akong dapat gawin?

Paghahawi

Patuloy ang salita ni Jesus sa mga mapagkunwaring guro ng Batas at Pariseo: "Nagtatayo kayo ng mga monumento para sa mga propeta..." Payo Niya na umamin silang mga anak ng mga pumatay sa propeta.

Pagtatabas

Aamin ba ako na may mga ninuno ako na gumawa nang masama?

Pagsasaayos

Aamin ako sa katotohanan ng nagawang masama ng mga ninuno ko. Bagamat hindi na mababago ang nangyari na, puno ng aral ang nakaraan, para mapabuti ang kasalukuyan. Isa rito ang paghingi ng kapatawaran. Hihingi ako ng kapatawaran sa mga nasaktan ng aming mga ninuno.

Ang Papa Santo Juan Paolo II humingi ng tawad sa mundo sa mga nagawang abuso at pagkakamali ng Simbahang Katolika sa dalawang libong taong nakaraan. Isasama ko sa aking panalangin ang paggaling ng puno ng aming pamilya at ng ibang pamilya.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming matuto sa aming nakaraan, upang bumuti ang kasalukuyan at hinaharap naming buhay.

IKA-21 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Santa Monica

Salmo 145:2-3, 4-5, 6-7

*Pupurihin ko ang ngalan
ng roon magpakailanman.*



Huwebes
27 AGOSTO

Unang Pagbasa: 1 Corinto 1:1-9

Bumabati si Pablo, na niloob ng Diyos na tawagin at maging apostol ni Kristo Jesus, at si Sostenes na ating kapatid sa Iglesya ng Diyos na nasa Corinto. Bati sa inyong mga pinabanal kay Kristo Jesus at tinawag upang maging banal kasama ang lahat sa bawat lugar na tumatawag sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, ang Panginoon nila at atin. Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at mula sa Panginoong Jesucristo.

Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos para sa inyo dahil sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa inyo kay Kristo Jesus. Talaga namang sa lahat ng bagay kayo pinayaman sa kanya, sa bawat uri ng pananalita at karunungan; pinagtibay nga sa inyo ang pagpapatotoo ni Kristo. Hindi na kayo nagkukulang sa anumang kaloob na espirituwal habang hinihintay ninyo ang pagpapakita ng ating Panginoong Jesucristo. Patitibayin niya kayo hanggang sa wakas, upang maging welang-sala sa araw ng ating Panginoong Jesucristo. Tapat ang Diyos na siyang tumawag sa inyo sa samahan ng kanyang Anak na si Jesucristong ating Panginoon.

Ebanghelyo: Mateo 24:42-51

Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang araw ng pagdating ng inyong Panginoon. Isipin ninyo ito: kung alam ng may-ari ng bahay kung anong oras ng gabi darating ang magnanakaw, magbabantay siya at hindi niya pababayaang pasukin ang bahay. Kaya maging handa kayo sapagkat sa oras na hindi ninyo inaasahan darating ang Anak ng Tao.

Isipin ninyo ito: may tapat at matalinong katulong at sa kanya ipinagkatiwala ng kanyang amo ang sambahayan nito para bigyan sila ng pagkain sa tamang oras. Kung sa pagdating ng kanyang amo ay matagpuan siya nitong tumutupad sa kanyang tungkulin, mapalad ang katulong na ito. Talagang sinasabi ko sa inyo na ipagkakatiwala sa kanya ng amo ang lahat nitong pag-aari.

Sa halip ay nag-iisip naman ang masamang katulong: 'Magtatagal ang aking panginoon.' Kayat sinimulan niyang pagmalupitan ang mga katulong na kasama niya samantalang nakikipagkainan at nakikipag-inumang kasama ng mga lasing. Ngunit darating ang panginoon ng katulong na iyon sa oras na di niya inaasahan at sa panahong di niya alam. Paaalisin niya ang katulong na ito at pakikitunguhang gaya ng mga mapagkunwari. Doon nga may iyakan at pagngangalit ng ngipin.

DATE OF ESTABLISHMENT: 2006, St. Benedict Parish

Pagmamasiid

Handa ba tayong lagi sa mga darating sa ating bahay, lalo na yung di inaasahan?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang araw ng pagdating ng inyong Panginoon. kaya maging handa sapagkat sa oras na hindi ninyo inaasahan, darating ang Anak ng Tao."

Pagtatabas

Handa ba tayong humarap sa Panginoong Jesus, ang Anak ng Tao, kahit anong araw o oras, sa muling pagdating Niya? Sa paanong paraan tayo haharap sa Kanya?

Pagsasaayos

Mainam kung laging maayos ang ating bahay, at may ipapakain sa mga darating na hindi inasahan. Sa buhay espirituwal, hindi natin alam kung kailan tayo haharap sa Ama sa Langit o sa Panginoong Jesus sa Huling Paghatol. Upang laging handa, sikaping gumawa ng kabutihan ayon sa Kanilang kalooban, sa lahat ng oras.

Pagdiriwang

Ama, nawa laging handa kaming humarap sa Inyo sa aming pagyao at sa Huling Paghatol. Gabayan Niyo kami sa araw-araw na gawain, upang matupad ang kalooban Niyo, para sa amin at kapwa.

Biernes
AGOSTO **28**



**IKA-21 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

San Agustin

Salmo 33:1-2, 4-5, 10-11
*Awa't pag-ibig ng Diyos
sa sangkalupaa'y lubos.*

Unang Pagbasa: 1 Corinto 1:17-25*

Hindi nga ako isinugo ni Kristo upang magbinyag kundi upang ipangaral ang ebanghelyo. At hindi sa mapagmarunong na pananalita, upang di mapawalang-bisa ang krus ni Kristo. Katangahan talaga ang salita ng krus para sa mga napapahamak, subalit kapangyarihan ito ng Diyos para sa ating mga naliligtas. Nakasulat nga: *"Sisirain ko ang karunungan ng marurunong, at ang talino ng matatalino ay aking bibiguin."* (...)

Humihingi ang mga Judio ng mga palatandaan at naghahanap ang mga Griyego ng karunungan, subalit ipinangangaral namin si Kristong ipinako sa krus, isang iskandalo para sa mga Judio at katangahan para sa mga di-Judio. Ngunit si Kristo pa rin siya na kapangyarihan ng Diyos at karunungan ng Diyos para sa mga tinawag, maging Judio man o Griyego.

Mas marunong ang katangahan ng Diyos kaysa mga tao, at mas malakas pa ang kahinaan ng Diyos kaysa mga tao.

Ebanghelyo: Mateo 25:1-13

Tutukoy ng kuwentong ito ang mangyayari sa kaharian ng Langit. Sampung abay na dalaga ang lumabas na may dalang lampara para sumalubong sa nobyo. Hangal ang lima sa kanila, at matalino naman ang lima pa.

Dinala ng mga hangal na abay ang kanilang mga lampara nang walang reserbang langis. Ngunit dinala naman ng matatalino ang kanilang mga lampara na may reserbang langis. Natagalan ang nobyo kaya inantok silang lahat at nakatulog.

Ngunit nang hatinggabi na, may tumawag: 'Dumarating na ang nobyo; lumabas kayo at salubungin siya!' Nagising silang lahat noon at inihanda ang kanilang mga lampara. Sinabi ng mga hangal sa matatalino: 'Bigyan naman ninyo kami ng inyong langis dahil mahina na ang ningas ng aming mga lampara.' Sumagot ang matatalino: 'Baka kulangin ang langis para sa amin at para sa inyo. Mabuti pang pumunta kayo sa mga nagtitinda at bumili para sa inyo.'

Nakaalis na sila para bumili nang dumating ang nobyo; ang mga handa na ay sumama sa nobyo sa kasalan, at isinara ang pinto. Pagkatapos ay saka dumating ang iba pang mga dalaga at tumawag: 'Panginoon, Panginoon, pagbuksan kami!' Ngunit sumagot siya: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: hindi ko kayo kilala.'

Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras.'

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Eduardo C. Molina

Pagmamasid

Isa ba ako sa karamihang nagpapaliban ng dapat gawin, o may pananaw na bahala na?

Pagbahawi

Turo ni Jesus: "Kaya magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras."

Pagtatabas

Handa ba tayo sa muling pagdating ng Panginoong Jesus sa Huling Paghatol, anumang araw o oras ito?

Pagsasaayos

Hindi natin alam kung kailan ang pagdating muli ng Panginoong Jesus sa Huling Paghatol. Sa Sakramento ng Kumpisal, inihahanda natin ang ating sarili sa muling pagdating ng Panginoong Jesus.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, malimit nawa kaming mangumpisal ng aming mga kasalanan, upang maging handa sa Inyong muling pagdating.

PAGPAPAKASAKIT NI SAN JUAN, ANG TAGAPAGBINYAG

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 33:12-13, 18-19, 20-21

Mapalad ang ibinukod
na bansang hinirang ng D'yos.



Unang Pagbasa: 1 Corinto 1:26-31

Tingnan na lamang ninyo, mga kapatid, kung ano kayong mga tinawag. Hindi marami sa inyo ang marunong ayon sa karaniwang akala, hindi marami ang mahahalaga, hindi marami ang isinilang na maharlika. Ngunit pinili ng Diyos ang tanga sa mundo upang hiyain ang marunong, pinili ng Diyos ang mahina sa mundo upang hiyain ang malakas. Pinili ng Diyos ang mababa at hamak sa mundo, kahit na ang mga bagay na wala, upang puksain ang mga umiiral – *at nang huwag nang makapagmalaki ang sinumang tao sa harapan ng Diyos*. Siya ang gumawa na kayo'y na kay Kristo Jesus, na ginawang ating karunungan galing sa Diyos, at ginagawa tayong matuwid. Siya ang ating kabanalan at katubusan. Sa gayon, pinatunayan ang nakasulat: *Ang Panginoon nawa ang ipagmalaki ng sinumang nagmamalaki*.

Ebanghelyo: Marcos 6:17-29*

Herodes nga ang nagpahuli kay Juan, at ipinakadena ito sa kulungan dahil kay Herodias na asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Pinakasalan ni Herodes si Herodias at sinabi ni Juan kay Herodes: “Hindi mo puwedeng kasamahin ang asawa ng iyong kapatid.” Talaga ngang matindi ang galit ni Herodias kay Juan at gusto niya itong patayin pero hindi niya magawa. (...)

At nagkaroon ng pagkakataon sa kaarawan ni Herodes nang maghanda siya para sa kanyang mga opisyal, mga pinuno ng hukbo at mahalagang tao ng Galilea. Pagpasok ng anak ni Herodias, nagsayaw ito at nasiyahan naman sa kanya si Herodes at lahat ng nasa handaan. Sinabi ng hari sa dalagita: “Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo.” At sinumpaan pa niya ang pangakong ito: “Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo, kahit na ang kalahati ng aking kaharian.” Lumabas ang anak at tinanong ang kanyang ina: “Ano ang hihingin ko?” At sumagot naman ito: “Ang ulo ni Juan Bautista.” Agad niyang pinuntahan ang hari at sinabi: “Gusto kong ibigay mo agad sa akin ang ulo ni Juan Bautista sa isang bandeha.”

Nabalisa ang hari ngunit ayaw niyang tumanggi dahil sa sinumpaan niyang pangako sa harap ng mga bisita. Kaya iniutos ng hari sa isa niyang guwardiya na dalhin ang ulo ni Juan. Pinugutan nito si Juan sa kulungan, inilagay sa isang bandeha ang kanyang ulo, ibinigay sa dalaga, at ibinigay naman ito ng dalaga sa kanyang ina. Nang mabalitaan ito ng mga alagad ni Juan, dumating sila para kunin ang kanyang katawan at inilibing.

Pagmamaisid

Kapag pinagsabihan ka, o pinuna ang kamalian mo, ano ang nararamdaman mo?

Paghahawi

Sinabi ni Juan Bautista kay Herodes: “Hindi mo puwedeng kasamahin ang asawa ng iyong kapatid. Dahil dito matindi ang galit ni Herodias kay Juan, at gusto niya itong patayin, pero hindi niya magawa.”

Pagtatabas

Tulad ka ba ni Juan Bautista na kayang pagsabihan ang hari o pinuno ng bansa mo sa kanyang kamalian, o tulad ka ba ni Herodes na matindi ang galit sa pumuna sa iyo?

Pagsasaayos

Mahirap tumanggap ng pagkakamali o kasalanan, lalo na kapag matigas ang puso o walang takot sa Diyos. Bilang isang Kristiyano o tagasunod ni Kristo, tanggapin ang pagkakamali at, agad, pagsisihan ito. Magdudulot ito ng katahimikan at kapayapaan sa ating saliri.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, gabayan Niyo kami, at ituro lagi ang landas patungo sa Iyong kaharian.

Dinala naman siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagsabihan: “Huwag sana, Panginoon! Hindi ito puwede.” Ngunit hinarap ni Jesus si Pedro at sinabi sa kanya: “Sa likod ko, Satanas! At baka mo pa ako tisurin. Hindi sa Diyos galing ang iyong iniisip kundi mula sa tao.”

At sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Kung may ibig sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus para sumunod sa akin. Sapagkat ang naghahangad na magligtas ng kanyang sarili ang mawawalan nito ngunit ang naghahangad na mawalan ng sarili alang-alang sa akin ang makakatagpo nito. Ano ang pakinabang ng tao tubuin man niya ang buong daigdig kung sarili naman niya ang mawala? Ano ang maibibigay niya para mabawi ito?

Darating nga ang Anak ng Tao taglay ang kaluwalhatian ng kanyang Ama at kasama rin ang kanyang mga banal na anghel, at doon niya gagantimpalaan ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawa. Totoong sinasabi ko sa inyo na makikita ng ilan sa inyo ang Anak ng Tao na dumarating bilang Hari, bago sila mamatay.”



“Itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus.”

Pagmamasid

Kabilang ba ako sa ayaw makaranas ng problema, pasakit, o sakripisyo?

Pagahahawi

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: “Kung may ibig sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili, at kunin ang kanyang krus, para sumunod sa akin.”

Pagtatabas

Alam ko ba ang kahalagahan ng pagpasan ng aking krus? Pinapasan ko ba ito nang maluwa sa kalooban ko?

Pagsasaayos

Sa pagsunod kay Jesus, ating yakapin ang ating krus sa araw-araw na pamumuhay. Maari ang krus isang problema, pasakit, o sakripisyo. Ipinakita Niya sa atin, kung paano pasanin ang Krus at mamatay dito, tanda ng malaking pagmamahal at pagligtas Niya sa sanlibutan.

Siya na walang anumang kasalanan, nakaranas ng pinakamatinding paraan ng pagkamatay na iginagawad sa pinakamasamang Kriminal sa Israel noong panahon Niya. Walang sinabi ang anumang pasakit na nararanasan natin. Manalangin lang sa Diyos na samahan tayo sa ating paghihirap, upang makaya natin ito.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, ipagkaloob Niyo sa amin ang bukas na kaisipan at matiising puso, upang alalahanin muna ang kapakanan ng iba kaysa sarili, pasanin ang aming mga krus, at makasunod sa Inyo hanggang sa huling sandali ng aming buhay.

Lunes
AGOSTO

31



**IKA-22 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHOON**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 119:97, 98, 99, 100, 101, 102
*Iniibig ko nang lubos
tanang utos mo, Poong D'yos.*

Unang Pagbasa: 1 Corinto 2:1-5

Nang dumating ako sa inyo, mga kapatid, upang ipahayag sa inyo ang misteryosong balak ng Diyos, hindi ako gumamit ng mga matayog na pananalita o karunungan.

Talagang ipinasya kong walang malaman sa piling ninyo maliban kay Jesucristo na siyang ipinako sa krus. At ako ay mahina, takot at nangangatog nang husto noong pinuntahan ko kayo. Wala namang mapanghikayat na mga salita o karunungan sa aking pananalita at pahayag. Sa halip nagkaroon ng pagpapatunay ng espiritu at kapangyarihan upang huwag magmula ang pananampalataya ninyo sa karunungan ng tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos.

Ebanghelyo: Lucas 4:16-30*

Pagdating niya sa Nazaret, kung saan siya lumaki, pumasok siya sa sinagoga sa Araw ng Pahinga ayon sa kanyang kinaugalian. Tumindig siya para bumasa ng Kasulatan, at iniabot sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias.

Sa paglaladlad niya sa rolyo, natagpuan niya ang lugar kung saan nasusulat: *"Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon kayat pinahiran niya ako upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha. Sinugo niya ako upang ipahayag ang paglaya sa mga bilanggo, sa mga bulag ang pagkabawi ng paningin, upang bigyang-ginhawa ang mga api, at ipahayag ang taon ng kabutihang-loob ng Panginoon."*

Binilot ni Jesus ang aklat, ibinigay ito sa tagapaglingkod at naupo. At nakatuon sa kanya ang mga mata ng lahat ng nasa sinagoga. Sinimulan niyang magsalita sa kanila: *"Isinatatuparan ang Kasulatang ito ngayon habang nakikinig kayo."*

At sumang-ayon silang lahat sa kanya habang nagtataka sa gayong pagpapahayag ng kabutihang-loob ng Diyos na nanggaling sa kanyang bibig. At sinabi nila: *"Hindi ba't ito ang anak ni Jose?"* Nagsalita si Jesus sa kanila: *"Tiyak na babanggitin ninyo sa akin ang kasabihang: 'Manggagamot, pagalingin mo ang iyong sarili! Gawin mo rin dito sa iyong bayan ang mga bagay na narinig naming ginawa mo sa Capernaum'."*

At idinagdag niya: *"Talagang sinasabi ko: walang propetang katanggap-tanggap sa sarili niyang bayan. (...)*

PARISH FIESTA: Divine Savior Parish

Pagmamasiid

Marami ang nagbabalita sa social media ng tama at maling balita. Ano at sino ang aking paniniwalaan?

Paghahawi

Nasa sinagoga si Jesus nang binasa Niya sa Kasulatan: *"Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, kaya't pinahiran niya ako upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha."*

Pagtatabas

Nagbabasa ba ako ng Mabuting Balita na hatid ni Kristo o ang maling balita sa social media?

Pagsasaayos

Mag-ingat tayo sa pagbasa o panonood ng nasa social media. Tignan kung mapagkakatiwalaan ang pinanggalingan o gumawa ng balita. Marami ang nasa social media na pang-sarili ang interes, hindi ang kabutihan ng nakakarami.

Pagdiriwang

Ama, maging mapanuri nawa kami, sa tulong Niyo, sa lahat ng aming binabasa at pinapanood, upang laging matahak ang landas pabalik sa Inyo.